CS WIZARDS

ILLUMINATING SCIENCE AND SOCIETY WITH A JOURNALISTIC LIGHT

APRIL 10, 2025 | CS WIZARDS | CSOFFICIALSTUDENTPUB@GMAIL.COM

The Official Student Publication of the **College of Science**

Volume 01
Issue 01
AUGUST 2024 TO **APRIL 2025**



DEVELOPMENT COMMUNICATION

Tanglaw Sa Lilim ng Hagdanan:

Pagsilip sa Kalagayan ng mga Munting Espasyo ng mga Organisasyon ng Kolehiyo ng Agham

/ QUEENIE IRISH O. QUIRAY

Upang makapagpatayo ng mga nagtatarikang mga gusali, kailangan muna itong dumaan sa mahaba at masusing proseso para makabuo ng isang konkretong pundasyon nang sa gayon ay matiyak ang tibay at katatagan nito sa paglipas ng panahon.

Sa anumang larangan, hindi na bago ang ganitong prinsipyo.

Maging sa mga matatagumpay na indibidwal at samahan, kailangang may sapat at matibay na suporta upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin.

Subalit, hindi ito madaling makamit —tulad na lamang ng kasalukuyang kalagayan ng mga punong-tanggapan ng mga organisasyon sa ilalim ng Kolehiyo ng Agham.

Maliit, mainit, masikip—ganito ilarawan ng mga lider-estudyante mula sa Kolehiyo ng Agham ang kasalukuyang kalagayan ng kani-kanilang mga "headquarters".

Hindi na ito bago sa pandinig para sa karamihan, sapagkat ang mga maliit na espasyo sa mga ilalim ng hagdanan ng mga gusali ang nagsisilbing kwadro ng mga organisasyon.

pahina 42

Patuloy na Pagtindig: Posibilidad ng The Big One sa Pilipinas

/ BRENT MARCO M. CAMUS

Kung walang yayanig, wala rin bang titindig?

Laman ng balita kamakailan ang yumanig na magnitude 7.7 na lindol sa Myanmar at Thailand, na naging dahilan ng pagkasawi ng halos 1600 katao sa mga nabanggit na bansa. Idagdag pa rito ang malawakang pagkasira ng iba't-ibang gusali, tulad na lamang ng 30-storey skyscraper sa Thailand. Dahil sa tindi ng pinsala ng lindol na ito, naalarma ang ilang mga karatig na bansa, gaya na lamang ng Pilipinas, sa kung ano nga ba ang bitbit na panganib sa loob ng Pacific Ring of Fire.

pahina 69

CS Dean Dr. Pagtalunan: BSM-BA to be 'parked' temporarily

/ MICHAEL ANGELO POLICARPIO

The specialization Business Applications under the Bachelor of Science in Mathematics (BSM-BA) program will not be offered by the College of Science (CS) in the next academic year, 2025-2026, as per the list of programs released by the Admissions and Orientation Services Office during the freshmen online application held from November 2024 to January 2025.

In an interview with CS Wizards, College Dean Dr. Thelma Pagtalunan said the number of applicants for the last three years calls for the administration to decide whether to continue offering this specialization under the program.

pahina 24



CS Band, wagi ng 2nd place back-to-back sa Battle of the Bands


/ ANEL C. BARJA

Tagumpay na naprotektahan ng Bulacan State University College of Science (BulSU CS) Band and ikalawang pwesto nang makubrang muli ito sa ginanap na Battle of the Bands 2024 bilang parte ng pagdiriwang ng Foundation Week sa Heroes Park, Disyembre 10.

Nagtanghal ang banda ng kanilang sariling rendition ng mga kantang 'Sisikat Ka Iha' ng Bita and the Botflies at 'Sumayaw Ka' ni Gloc-9.

pahina 23











CS Green Wizards, nakamit ang unang medalya sa Chess Tourney

/ ANEL C. BARJA

Tagumpay ang College of Science (CS) Green Wizards Chess Men's Teams sa pagkubra ng bronze medal sa ginanap na Chess Tournament noong Oktubre 17, sa University Hostel, bilang bahagi ng Palarong Pampamantasan 2024.

Baon ang galing sa pagdepensa at solidong mga atake, naipon ng CS Green Wizards Men's Chess Team ang 19 puntos at 9 match points sa pitong rounds na naganap mula Oktubre 15.

Sina John Lor Daguyos (BSM CS 2B) at Richard Nico D.N Bernabe (BSM CS 4A) ay nagtala ng tig-5 puntos, at ang kanilang marka ang may pinakamalaking ambag sa kabuuang iskor ng grupo.

pahina 73

BLESSED BA SA ZERO-BASED?

Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

The Official Student Publication of the **College of Science**

THE OFFICIAL STUDENT PUBLICATION OF THE **COLLEGE OF SCIENCE**

EDITORIAL BOARD
SCHOOL YEAR 2024-2025

Editor-in-Chief
Patrcia Nicole B. Dizon

Associate Editor
Elisha Lexie S. Alfonso

Managing Editor for Finance
Ainery Benneth C. Dizon

News Editor
Daniella M. Manahan

Associate News Editor
Michael Angelo E. Policarpio

Feature Editor
Shlyeluck Kate A. Punzalan

Science Editor
Brent Marco M. Camus

Opinion Editor
Brylle Jacob A. Labang

Sports Editor
Allyssa Cherlize B. Santos

Developmental Communication Editor
Queenie Irish O. Quiray

Literary Editor
Fiona C. Ventura

Art Director
Shanlei Mae J. Libres

Head Cartoonist
Junde B. Valdez

Chief Photojournalist
Hans Angelo DC. Bosi


Broadcast Director:
John Charles P. Bartolome

Online Content Manager
Aaliyah Trizzia Mhay M. Untalan

NARARAPAT O PINILIT LANG? IMPLEMENTASYON NG ZERO-BASED GRADING SYSTEM, IKINASA NA

Kaakibat ng higpit ng patakaran ang implementasyong makatao't makatarungan.

pahina 3



Dibuho ni ***Junde Valdez***

WRITERS
Kaye Cassandra A. Cruz
Anel C. Barja
Christine Mae A. Montino
Divine S. Sison
Kyla B. Mendoza

LAYOUT ARTIST
Shanlei Mae J. Libres
Marc Christian J. Lunas
Harold D. Insigne
Chester Daniel T. Valencia

GRAPHIC ARTIST
Nezhin Francois Audenus A. Apostol
Kyrene Alshley O. Bolla
Shanel L. Chan

CARTOONIST
Jacque Daine A. Cruz
Quinn Aubrey S. Ricafort

PHOTOJOURNALIST
Andrew G. Detalo
Justine Bryan E. Espina
Ma. Ellery Brienne B. Santiago
Julia Renee S. Villaroman
Juangabriel D. Santiago
Vince Aaron G. Polintan

BROADCAST ARTIST
Eirah Marzielle M. Marcelo
Miles Acey M. Juan
John Francis L. Vargas
John Manuel B. Caliva
Rona Joy M. Manahan
Francis Miguel G. Cabrera

MULTIMEDIA EDITOR
Lorez Gerald H. Yambao
Dianne Yzabelle DC. Carreon
Jewely J. Gatchalian

ADVISER
Mary Ylane S. Lee

NARARAPAT O PINILIT LANG? IMPLEMENTASYON NG ZERO-BASED GRADING SYSTEM, IKINASA NA

Kaakibat ng higpit ng patakaran ang implementasyong makatao't makatarungan.


Naging maugong sa bawat sulok ng pamantasan ang balita ukol sa ipinanukalang "Zero- Based Grading System" para sa lahat ng kurso sa Bulacan State University. Hati ang naging saloobin ng mga mag-aaral ukol dito, dahil na rin sa nakaambang biglaang implementasyon ng nasabing alituntunin at sa mahigpit na patakarang nakapaloob dito. Ang "Zero-Based Grading System" ay ang sistema ng pagmamarka kung saan ang marka ng isang awtput mula sa mag-aaral ay eksakto nang maitatala nang walang transmutasyon katulad ng nakaraang grading system. Halimbawa, kung ang isang mag-aaral ay nakakuha ng 7/10, ang magiging katumbas na grado nito ay 70%, hindi tulad ng naunang 50-based grading system na ang magiging katumbas na grado ng nasabing marka ay 85%.

Mariing kinondena ang panukalang ito ng karamihan sa mga mga-aaral, lalong-lalo na dahil sa hindi pa nareresolbang isyu ng grade transparency at leniency, na inaasahang lubhang makaaapekto sa mga working students, mga student athletes, mga estudyanteng may kapansanan o Persons with Disability(PWD), at maging ang mga bahagi ng publikasyon at mga lider-estudyante. Ang implementasyon ng "Zero-Based Grading System" ay inaasahan ding makaaapekto sa bilang ng mag-aaral na may Latin Honors, Dean's Listers, at President's Listers.

Sa kabilang dulo ng isyu, may ilan ding mag-aaral at kaguruan ang pumabor sa nasabing sistema. Ipinupunto ng mga pumapabor sa Zero-Based Grading System ang pagiging patas nito sa mga mahuhusay na mag-aaral, at mas mapapataas pa nito ang kalidad ng mga mag- aaral ng pamantasan.

Dagdag pa rito ang ilang mag-aaral na naka-asa lamang sa paggamit ng Artificial Intelligence o AI sa bawat gawain sa paaralan, at hindi ito magiging makatarungan kung sakaling makakakuha ng magkaparehong marka ang mahusay na estudyante sa estudyanteng nangongopya lamang at naka-asa lang sa AI. Ang hakbanging ito ay magiging patas kung sakaling maayos na maisasakatuparan para sa mga tunay na mahuhusay at masisipag na mag-aaral.

Kabi-kabila man ang opinyon at saloobin ukol sa Zero-Based Grading System, naikasa na ang implementasyon nito sa ikalawang semestre ng taong pampanuruan 2024-2025. Hindi maikakailang maitutulak ng alituntuning ito pataas ang kalidad ng mga mag-aaral, ngunit kinakailangan pa rin ang makatarungang implementasyon nito, gaya ng maayos na grade transparency, regular na konsultasyon, at ang pagbibigay ng nararapat na kaluwagan o leniency para sa mga sa mga nararapat ding mga dahilan ng mga mag-aaral. Dapat maging patas ang lahat ng kaguruan sa pamantasan sa pagpapatupad nito sa kanilang mga estudyante, dahil nasa kamay nila ang hinaharap ng mga ito. Kahit mahigpit man ang mga patakarang ng sistemang ito, hindi ibig sabihin na dapat patuloy pahirapan ang dati nang nasa laylayan. Nararapat lamang na siguruhin na walang mag-aaral ang maiiwan, at ang lahat ay mabibigyan ng markang nararapat at makatarungan.



Dibuho ni ***Junde Valdez***


Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025
The Official Student Publication of the **College of Science**

BEYOND THE CHECKBOXES:
A STUDENT'S VOICE OR JUST AN EMPTY FORM?

Every semester, faculty evaluation forms are distributed to students as a means of assessing a professor's effectiveness in teaching. These evaluations typically include questions about the professor's ability to explain concepts clearly, create an engaging learning environment, and maintain fairness in grading. At first glance, this system appears to be a fair approach—students, after all, are the ones who experience the teaching methods firsthand. However, a critical question arises: Do these evaluations lead to meaningful changes, or are they merely a formality?

The Problem with Faculty Evaluations

While student evaluations hold significant potential, they are far from perfect. One of the main concerns is that many students do not take them seriously. Some perceive these forms as just another administrative requirement before the semester ends, completing them without much thought. Others provide arbitrary responses, selecting random ratings simply to finish quickly.



Art by **Quinn Aubrey S. Ricafort**

Furthermore, some students use faculty evaluations as a means of expressing personal dissatisfaction rather than offering constructive feedback. Professors who implement strict grading policies may receive lower scores, even if their teaching is effective. Conversely, professors who make coursework easier might receive high ratings, regardless of whether they have successfully facilitated meaningful learning. This raises an important concern: Are these evaluations truly measuring teaching effectiveness, or are they merely a reflection of students' personal preferences?

Bias also plays a significant role in faculty evaluations. Studies indicate that professors who challenge students to think critically or uphold rigorous academic standards tend to receive lower ratings compared to those who are more lenient. Additionally, factors such as gender, age, and personality can influence evaluations, making them less about assessing teaching quality and more about individual biases.

A System That Needs Improvement

Despite these flaws, faculty evaluations have the potential to be a valuable tool—if properly structured. The issue is not that students should not assess their professors, but rather that the system itself requires refinement. Several changes could improve the effectiveness of these evaluations:

Encouraging Thoughtful Feedback, Not Just Ratings


Most faculty evaluations rely heavily on numerical rating scales, where students simply check boxes ranging from "poor" to "excellent." While this approach is convenient, it fails to provide meaningful insights. Encouraging students to provide written comments would allow for more constructive feedback. Instead of merely assigning scores, students should be prompted to elaborate on teaching methods that were effective and areas that could be improved. Detailed responses offer more valuable insights than numerical ratings alone.

Why It Matters

At its core, faculty evaluation by students should not be viewed merely as a tool for rating professors—it should serve as a mechanism for improving educational quality. When used effectively, it can foster a stronger connection between students and educators, ultimately creating a learning environment where both parties benefit. Even experienced professors can refine their teaching strategies, and students, when given a meaningful platform for feedback, can contribute to shaping better learning experiences for future classes.

However, for this to happen, faculty evaluations must evolve beyond routine paperwork. Institutions must prioritize the refinement of the system, ensuring that student feedback is not only collected but also valued and acted upon. Without meaningful reforms, the practice of faculty evaluations risks becoming nothing more than an empty formality.

HURISDIKSYON NG ICC KAY DATING PANGULONG DUTERTE: ISANG PAGSUSURI SA PANDAIGDIGANG KATARUNGAN AT SOBERANYA



*Art by **Junde Valdez***

Ang patuloy na imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) hinggil sa kampanya kontra droga ng administrasyon ni dating Pangulong Rodrigo Duterte ay nagbubunsod ng mahahalagang tanong tungkol sa pandaigdigang katarungan, soberanya ng bansa, at pananagutan ng mga namumuno. Sa kabila ng pagkalas ng Pilipinas sa ICC noong 2019, iginigiit ng korte ang hurisdiksyon nito sa mga kasong may kaugnayan sa mga insidente noong panahon na ang bansa ay bahagi pa ng kasunduang nagtatag ng nasabing hukuman.

tinatakda ng ICC ang mandato nitong litisin ang mga kasong may kinalaman sa krimen laban sa sangkatauhan, kabilang ang mga extrajudicial killings na isinagawa sa ilalim ng "war on drugs." Batay sa ulat ng iba't ibang organisasyong pangkarapatang pantao, libu-libong buhay ang nawala sa operasyong ito, marami sa kanila ay hindi nabigyan ng due process. Dahil dito, layunin ng ICC na suriin kung may sapat na batayan upang mapanagot ang mga opisyal ng gobyerno na maaaring may pananagutan sa naturang mga insidente.

Subalit, mariing tinututulan ng kasalukuyang administrasyon at mga tagasuporta ni Duterte ang nasabing imbestigasyon. Ayon sa kanila, isang panloob na usapin ang kampanya kontra droga na dapat resolbahin ng sariling sistema ng hustisya ng bansa. Itinuturing nila itong panghihimasok sa soberanya ng Pilipinas at isang banta sa kalayaan nitong pamahalaan ang sariling mga mamamayan. Dagdag pa rito, iginiit ng gobyerno na may sapat na mekanismo ang bansa upang papanagutin ang mga indibidwal na sangkot sa pag-abuso ng kapangyarihan. Hindi rin maikakaila na ang pagsasagawa ng imbestigasyon ng isang dayuhang korte ay maaaring magdulot ng pangamba sa iba pang mga lider ng bansa na maaaring mahaharap sa ganitong uri ng kaso sa hinaharap.

Sa kabilang banda, may mga sektor ng lipunan na sumusuporta sa imbestigasyon ng ICC, sapagkat naniniwala silang may pagkukulang ang lokal na sistema ng hustisya sa pagbibigay ng katarungan sa mga biktima ng war on drugs. Para sa kanila, ang hakbang ng ICC ay isang mahalagang tagapagpatibay na walang sinuman ang dapat lumagpas sa batas, kahit na isang dating pangulo. Ang kanilang paniniwala ay nakaugat sa ideya na kung walang matibay at independiyenteng imbestigasyon sa loob ng bansa, maaaring magpatuloy ang kultura ng impunidad kung saan ang mga nasa kapangyarihan ay hindi napapanagot sa kanilang mga aksyon.

Mahalagang pag-aralan kung paano makakaapekto ang imbestigasyong ito sa imahe ng Pilipinas sa pandaigdigang komunidad. Kung patuloy na tatanggi ang bansa sa kooperasyon, maaaring magkaroon ito ng negatibong implikasyon sa diplomasya, pandaigdigang relasyon, at tiwala sa sistemang panghustisya ng Pilipinas. Ang hindi pakikilahok ng gobyerno ay maaaring magdulot ng pangamba sa ibang bansa at mga dayuhang mamumuhunan tungkol sa transparency at rule of law sa Pilipinas. Samantala, kung magbibigay-daan ang gobyerno sa imbestigasyon, maaari itong magsilbing patunay na ang bansa ay nakatuon sa prinsipyo ng pananagutan at patas na hustisya. Maaari rin itong makatulong sa pagpapalakas ng ugnayan ng Pilipinas sa iba pang mga bansang sumusuporta sa pandaigdigang katarungan at karapatang pantao.

Isa pang mahalagang aspeto na dapat isaalang-alang ay ang posibilidad ng epekto nito sa lokal na politika. Ang anumang magiging desisyon ng gobyerno ay maaaring magkaroon ng direktang impluwensya sa popularidad ng mga politiko, lalo na ng mga kaalyado ng dating administrasyon. Sa ganitong kalagayan, nagiging mas komplikado ang usapin dahil hindi lamang ito isang legal na isyu kundi isang pampulitikang suliranin na maaaring makaapekto sa hinaharap ng bansa.

Sa huli, ang usapin ay hindi lamang tungkol sa hurisdiksyon ng ICC kundi sa mas malalim na panawagan para sa katarungan at pananagutan sa ilalim ng batas. Ang hinaharap ng kasong ito ay maaaring maging mahalagang batayan sa kung paano hinaharap ng Pilipinas ang mga hamon sa karapatang pantao at internasyonal na pananagutan. Bilang isang demokratikong bansa, isang mahalagang tanong ang dapat pag-isipan: Ano ang mas matimbang—ang soberanya ng estado o ang pananagutan para sa mga lumalabag sa karapatang pantao? Sa isang mundo kung saan ang pandaigdigang hustisya ay patuloy na lumalakas, mahalagang matiyak na ang bawat mamamayan, anuman ang katayuan sa lipunan, ay may patas na access sa hustisya at proteksyon ng batas.

Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

The Official Student Publication of the **College of Science**



Dibuho ni ***Junde Valdez***

"BUKAS NA RAW ANG APLIKASYON PARA SA DREAM SCHOOL KO. EXCITED AKO KASI SA UNANG PAGKAKATAON AY MAKAKATAPAK AKO SA ISANG UNIVERSITY."

NI MICHAEL ANGELO POLICARPIO

Pangarap ng maraming kabataan ang makapasok sa isang dekalidad at libreng edukasyon. Ito ay hakbang patungo sa mas inklusibong kinabukasan para sa lahat.


Nawa'y mas mapabuti pa ang proseso, upang mas maraming kabataan ang makinabang.

Sa mga susunod na pagkakataon, sana'y mas maging maayos at mabilis ang daloy ng aplikasyon.

Dahil para sa kinabukasan ng kabataan, patuloy ang pakikibaka at pagtutulungan.

"SA KABILA NG MGA NAUUPONG PALPAK SA ATING GOBYERNO, HINDI KO NA MALAMAN KUNG TAYO NA RIN BA ANG MAY KAPABAYAAN SA MGA DAGOK NA NARARANASAN NATIN MULA SA KANILA DAHIL TAYO ANG NAGLUKLOK SA KANILA DITO."

NI MICHAEL ANGELO POLICARPIO



Dibuho ni ***Junde Valdez***

Mga pamilyang ginawa nang negosyo ang politika

Mga pangakong self-serving

Mga platapormang malabnaw

At mayroon pa ngang wala na ngang plataporma, harap-harapan pa ang pambabastos sa sambayanang Pilipino

Kung gaano karumi ang politika sa bansa, ako lang ba ang nakakakita? At bakit sila pa rin umano ang angat sa survey?



Ang Pundasyon ng Medikal na Pagsusuri

BRYLLE JACOB LABANG

Sa loob ng ospital, may mga doktor. Sila 'yong nanggagamot at kumakausap sa atin tuwing nagpapatingin tayo. May iba't ibang klaseng doktor, depende sa sakit mo. Mayroon ding mga nurse, sila naman 'yong madalas kong makita na inaasikaso ang mga pasyente. Sinisiguro na maayos sila habang nasa ospital. Siguro kilala rin ang mga pharmacists, sila kasi ang nagbibigay sa atin ng mga gamot.

Pero hindi lang sila ang nasa loob ng ospital, hindi lang sila ang tumutulong para gumaling tayo. Nariyan ang radtechs, physical therapists, midwives, at medtechs. At hindi sila nagtratrabaho lang sa ospital o empleyado ng ospital. Mahalaga sila para maibigay ang nararapat na magandang kalusugan para sa lahat.

Siguro hindi pa malalim ang pagkakaunawa natin, maging ako, sa lahat ng propesyon sa medisina. Ngunit, hindi ito dapat maging dahilan para hindi sila bigyang-halaga, kilalanin, at tawagin sa kanilang propesyon.

Lalong hindi ito dapat maging dahilan para tawagin silang peke.

Medical Technologist Binansagang Hospital Worker

Nitong nakaraang linggo lang ay naglabas ng isang artikulo ang isang kilalang pahayagan sa Pilipinas, ang Philstar o Philippine Star. Dito ay tinawag nilang "hospital worker" ang isang kawani ng ospital na may hawak na fresh frozen plasma. Umani ito ng pagpuna dahil ang hospital worker na tinutukoy sa artikulo ay isang medical technologist.

Nakalulungkot lang na isa sa mga kilalang pahayagan pa ang hindi kumilala sa sakripisyo ng mga medical professionals kagaya ng mga medical technologists. Hindi ba dapat kung tatawagin mong nurse ang nurse, at doktor ang isang doktor, nararapat lang na bansagan din ang mga medtech ayon sa kanilang propesyon? Madalas kasing hindi napapansin ang mga propesyonal dahil sa loob sila ng laboratoryo nagtratrabaho. Tinitignan kung may hindi normal sa iyong katawan, 'yan man ay bilang ng mga cell, presensya ng mga kakaibang cell, mga bacteria, parasites, at iba pa na maaaring may ibig sabihin sa iyong kalusugan. Pero kung tutuusin mas frontliner pa sila kaysa sa ibang mga propesyon dahil ang bawat specimen na kinukuha nila sa katawan ng tao ay maituturing na delikado at nakahahawa.

Huwad at Pekeng mga Eksperto

Kasunod ng hospital worker, tinawag naman silang pekeng scientist ng mga vloggers at influencers. Fake scientists naman daw, mga masyadong demanding sa pagkilala, at kung ano-ano pa.

Hindi man sila ang kinalakihang depinisyon natin ng mga scientists ay 'yon talaga ang bansag sa kanila, hindi lang dito sa ating bansa, maging sa buong mundo. Sila ang Medical Laboratory Scientists na s'yang haligi ng pag-aalaga at pag-diagnose ng mga sakit. Kung wala sila ay hindi makikita ang nangyayari sa loob ng katawan na s'yang basehan para malaman ang sakit ng isang tao.

Kailanman ay hindi magiging pekeng mga eksperto ang mga medical technologist dahil mahalaga ang ginagampanan nilang papel sa pagbibigay ng magandang kalusugan sa lahat. Hindi magagawa ng ibang propesyon o maging ng mga scientists ayon sa iyong depinisyon ang trabaho ng isang medical technologist. Dahil ang pagiging scientists nila ay umiikot sa laboratoryo kung saan ginagawa ang mga tests na kinakailangan para makagawa ng desisyon ang mga doktor sa kanilang mga diagnosis.

Kaya naman ang panawagan ko sa inyo, kilalanin sana natin ang mga medical technologists. Tawagin sila ayon sa kanilang propesyon bilang pagbibigay ng galang at pagkilala sa kanilang sakripisyo at ambag sa larangan ng medisina sa ating lipunan. At sana wala ng iba pang propesyon sa medisina ang mabansagan lang nating hospital worker, sapat na siguro ang mababang sahod nila bilang problema at huwag na natin dagdagan pa. Tumulong tayong lahat na makilala ang bawat propesyon sa medisina para mabigyan sila ng karampatang sahod ayon sa ginagawa nilang paglilingkod sa mamamayang Filipino. Nawa'y lahat ng propesyon sa larangang ito ay makilala sa kanilang mahahalagang ambag sa kalusugan ng ating bayang kinagisnan.

Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

The Official Student Publication of the **College of Science**

Ang Imperpekto (AI): Hindi Dapat Basehan ang AI sa Gawa ng mga Estudyante



BRYLLE JACOB LABANG

Maraming mga propesor, guro, at mga katulad na propesyon ang gumagamit ng AI o Artificial Intelligence para i-check ang mga gawa ng mga estudyante sa plagiarism o kung gawa rin ito ng isang AI. Ngunit, napatunayan na ng mga pag-aaral na hindi ito epektibo at perpekto upang maging batayan sa pag-check ng mga ipinapasang papel ng mga estudyante.

Kaya naman ang naging solusyon ng ilang mga paaralan, maging mga kolehiyo at pamantasan, ay ang pagpapasa ng mga sulat-kamay na mga gawa kaysa i-type na lang ito at i-print.

Epektibo ba ito para masolusyunan ang maling paggamit ng AI o naging dagdag pahirap lang ito sa mga estudyante? Halata naman, pahirap lang ito.

Hindi Praktikal ang Sulat Kamay

Nakaka-elementary o high school ang pagsusulat-kamay ng mga ipapasang papel. Lalo na sa kolehiyo na hindi naman madalas isang pahina lang ang kailangang ipasa. Hindi ito praktikal dahil nakauubos ito ng mas maraming oras at enerhiya kaysa sa pagta-type at pagpi-print ng mga papel.

Dahil halos ganoon rin naman, ang ink na magagamit ng printer ay halos katumbas din ng ink na mauubos mo sa bolpen mo kapag sinulat mo. Ang hirap na ngang i-balanse ng buhay at hatiin ang oras, dumagdag pa ang pahirap na ito sa mga estudyante lalo na ang mga nasa kolehiyo na.

Hindi Epektibong Solusyon sa Paggamit ng AI

Sa tingin ba ng mga guro at propesor ay napipigilan ng pagsusulat-kamay ang maling paggamit ng AI? Hindi. Dahil maaari pa rin namang gawa ng AI ang ipinapasa sa kanila ng mga estudyante.

Mas mahirap pa ngang i-check ang gawa kung AI o hindi kapag sulat kamay dahil hindi mo ito magagawang i-copy at i-paste sa mga AI work detectors.

Huwag Umasa Sa AI

Ang panawagan ko sa mga guro at estudyante, 'wag umasa sa AI. Ang alternatibong paraan sa problema ng AI para sa mga guro ay gumawa sila ng mga tanong na may espisipikong sagot o 'di naman kaya ay limitahan ang mga salita at sanayin ang mga mag-aaral sa pagsagot nang walang paligoy-ligoy.

Para naman sa mga estudyante, gamitin ang AI bilang panangga sa mga impormasyong makikita sa ibang mga pagkukuhanan. Huwag ito kuhanin nang hindi nalalaman kung ito ba ay tama at totoo. Dahil minsan, wala namang kinalaman sa tanong ang binibigay na sagot ng mga AI.

Imperpekto ang AI gaya nating mga tao. May mga pagkakataong mali ang binibigay nitong impormasyon. Mali ang pagkaka-analisa nito sa mga binibigay sa kanya. Kaya naman bilang isang responsableng mga estudyante at mga guro, dapat lagi natin siguruhin na tama ang impormasyong ating nasasagap at naisusulat para maiwasan ang paglaganap ng fake news at mapanatili ang AI bilang isang mabuting kasangkapan sa ating buhay



Paliwanag, Hindi Pa Maliwanag!

BRYLLE JACOB LABANG

Ginanap noong Ika-29 ng Agosto, 2024 sa Bulwagan ng Valencia ang unang ulat ng pangulo ng unibersidad, Dr. Teody San Andres. Ito ay may temang Alitabtab: Maalab na Pagsikhay sa Marubdob na Hangarin ng Pagsulong. Dinaluhan ito ng iba't ibang mga guro at dekano ng mga kolehiyo mula sa main at external campuses ng Bulacan State University. Sa dulo ng programa ay ipinapanood ang tila ba parang cheer ng BulSU na may lirikong, "ALAB BulSU, Magliliwanag! ALAB BulSU, 'Di Mapaparam! Supling ng Bulacan, Taga-Inog ng Mundo!"

Sa dulo ng talumpati, bumagabag ang tanong na

> **paano magliliwanag kung kulang sa paliwanag ang ilan sa mga pagbabagong magaganap sa kanyang pamumuno? Lalong higit ang paglulunsad ng Zero-Based Grading System na s'yang hindi natalakay sa nasabing ulat.**

Umikot ang talumpati ni Dr. San Andres sa mga nangyari at mangyayaring pagbabago sa kanyang pamumuno, kagaya na lamang ng mga imprastraktura, mga sistema ng pamamahala, at sa mga nangyaring pag-unlad sa bilang ng mga nabigyan ng trabaho, nakapag-seminar na mga guro at non-academic personnel, mga incentives at tulong-pinansyal sa mga topnotchers, sa mga naipasang research sa Intellectual Property Office of the Philippines. Kasama rin sa mga natalakay ang Revised BulSU Charter, ang bagong Kolehiyo ng Medisina, pagsusulong ng night classes para sa mga working students, at mga board resolutions para sa mga Differently-Abled Person.

Gayunpaman, sa kanyang talumpati, partikular ang mga pagbabago at pag-unlad ay parang mas pumapabor ito sa mga guro at mga kawani kaysa sa mga estudyante ng Bulacan State University.

Sa inilahad naman ng rehente ng mga mag-aaral na si Queenie Quintero, tila kulang ang nasabi niyang hamon ng mga mag-aaral sa pangulo ng unibersidad. Nabanggit ng Rehente ng Mag-aaral, Queenie Quintero, na kasabay sana ng pagtatayo ng mga imprastraktura ay bigyang-pansin din ang mga lumang imprastraktura para sa kapakanan ng estudyante, pati rin ang pagkakaroon ng ligtas at malayang espasyo sa pamantasan, pagdinig ng pangulo sa mga hinaing ng mga sektor ng working students sa iskedyul at konsiderasyon, pag-unlad ng unibersidad para sa mga PWD, at ang pagkakaroon ng makatarungang stipend para sa mga atleta at socio-cultural performers.

Sa lahat ng nasabing pagbabago ay hindi natalakay ang zero-based grading system na siyang may direktang epekto sa mga estudyante. Wala rin ang ilan pang pagbabago at pag-unlad na hindi sana nakatuon sa mga bagong gusali o sa mga pag-aayos ng mga ito. Hindi ba't sa pondo na nakalaan sa unibersidad ay dapat lang na kasama palagi rito ang pag-aayos sa mga luma at maiinit na gusali o silid-aralan para sa mga mag-aaral?

At kung may nakalaang programa para masiguro ang maayos na pagpapasahod sa mga kawani, sana ay mayroong mga programang tumatalakay sa paniniguro ng maayos na pagtuturo, o 'di naman kaya ang makatarungan na paglalabas ng mga marka. Kung kaya naman pala nila tugunan ang pangangailangan ng mga manggagawa sa BulSU ay sana kaya ring mabigyang pansin ang hinaing ng masang estudyante, katulad na lamang ng pagbibigay ng health break na hindi na kailangan pang intindihin ang gawaing-eskwela o sana hindi kasabay ng Intramurals ang academic break. Sana nabigyang-pansin din ang makatarungan na deadline ng mga pagpapasa.

Ilan lamang 'yan sa mga higit na kailangan ng mga estudyante na sana'y nabanggit sa ulat ng presidente ng unibersidad. Sa kasamaang palad, hindi man lang ito nabigyang pansin sa talumpati.

Nawa'y manatili itong hamon para sa mga estudyante, pero nawa'y maging motibasyon ito na mas humingi tayo ng paliwanag. Dahil sa aking palagay, walang BulSU kung walang masang-estudyante at tayo dapat ang isa sa mga pinakarason ng mga proyekto sa pag-unlad ng ating unibersidad.

ALAB BulSU, Magpaliwanag! ALAB BulSU, Sa Estudyante Tayo! Supling ng Bulacan, Taga-Inog ng Mundo!

Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

The Official Student Publication of the **College of Science**



A Divine Plea or Political Shield? The Iglesia ni Cristo's Called for Peace

FIONA VENTURA

In the heat of political discord, where alliances shift like the tides and national unity often takes a backseat to personal interests, a rallying cry for peace should be a welcome reprieve. Yet, when the Iglesia ni Cristo (INC) recently took to the streets with a powerful call for harmony, it sparked more questions than resolutions. Is this religious movement genuinely advocating for national healing, or is it cleverly maneuvering to shield Vice President Sara Duterte from the storm of impeachment complaints swirling around her? This development demands a closer look at the blurred lines between faith and political strategy, forcing us to ask whether this call for peace is truly about reconciliation or just another tool in the ever-complex game of power.

The INC's recent peace rally, at face value, presents itself as a noble initiative. In a country often divided by political ideologies, a message of unity is not only timely but necessary. However, skepticism looms over the event's underlying motivations.

It is no secret that the INC has historically played a significant role in Philippine politics, often aligning itself with political figures who serve its interests. This raises doubts about whether its advocacy for peace is a genuine plea or a strategic move to safeguard certain allies from political scrutiny.

Critics argue that the rally's timing is highly suspect. With Vice President Sara Duterte facing mounting impeachment complaints, some see the event as less of a spiritual movement and more of a calculated attempt to shield her from accountability. The presence of high-profile politicians at the rally only adds to the perception that the gathering was less about fostering unity among Filipinos and more about consolidating political influence. If the INC's call for peace is indeed a sincere effort, why does it appear to be so closely tied to the fate of a single political figure?

Public perception plays a crucial role in movements of this scale. While the INC's followers may wholeheartedly believe in their leaders' call for harmony, the broader Filipino public remains wary. The church's history of political involvement, often seen as transactional, makes it difficult to separate its religious advocacy from its political engagements. In a country where the separation of church and state is a constitutional principle, the INC's peace rally risks being interpreted as an overreach into the realm of governance rather than a purely moral or spiritual initiative.

The essence of peace goes beyond symbolic gatherings and public declarations. True reconciliation requires accountability, transparency, and a genuine commitment to addressing the root causes of division.

If the INC truly wishes to contribute to national unity, it must ensure that its call for peace does not come at the cost of justice. Peace without accountability is empty, and unity that serves only the powerful is nothing more than a facade.

As the nation watches how this movement unfolds, one question remains: Will the INC's rally ignite meaningful dialogue and foster true national healing, or will it be remembered as a political maneuver masquerading as a spiritual mission? The answer lies not in words, but in the actions that follow. If this call for peace translates into inclusive conversations, independent of political alliances, then it may yet serve a higher purpose. However, if it remains a shield for those in power, it risks further alienating the very people it seeks to unite. In the end, the challenge is not just about calling for peace but ensuring that such a call serves the best interests of the nation as a whole, rather than just a select few.

The true test of this movement lies in its long-term impact. Will it inspire Filipinos to bridge political divides, or will it reinforce the existing culture of influence and favoritism? The future of national unity does not rest on grand rallies alone, but on genuine efforts to uphold justice, integrity, and inclusivity. If peace is to be meaningful, it must not only be proclaimed but actively pursued. Anything less is simply an illusion.

Nabuhay nang Mahirap, Mamatay ng Mahirap?

FIONA VENTURA



Sa isang bansang patuloy na umuunlad, bakit milyon-milyong bata pa rin ang lumalaki sa matinding kahirapan? Habang ang ilan ay may pagkakataong mag-aral sa de-kalidad na paaralan at mabuhay ng komportable, marami ang gumigising araw-araw na walang kasiguraduhan kung may pagkain sa hapag o kung makakapasok pa sila sa paaralan

> **Hindi ba't isang trahedya na sa murang edad, natututo na silang magbanat ng buto imbes na mag-aral at mangarap?**

Ang kahirapan ng kabataan ay hindi isang simpleng suliraning dapat tanggapin bilang bahagi ng realidad. Ito ay isang siklong paulit-ulit na nagpapamana ng kawalan ng pag-asa mula henerasyon hanggang henerasyon. Kapag ang isang bata ay hindi nabibigyan ng sapat na edukasyon at oportunidad, paano siya makakawala sa pagkakakulong sa kahirapan? Sa halip na maging pundasyon ng ating kinabukasan, sila ay nagiging biktima ng sistemang hindi gumagana para sa kanila.

Kung tunay nating pinahahalagahan ang ating kinabukasan bilang isang bansa, hindi natin maaaring hayaang magpatuloy ang ganitong kalagayan. Hindi kasalanan ng isang bata kung siya ay ipinanganak sa kahirapan, ngunit kasalanan nating lahat kung wala tayong gagawin upang bigyan siya ng mas magandang bukas.

Edukasyon: Pangarap Lang Ba ng Mahihirap?

Madalas nating naririnig na ang edukasyon ang susi sa pag-unlad, ngunit paano kung sarado ang pinto para sa mga mahihirap? Sa kabila ng pagkakaroon ng libreng pampublikong paaralan, nananatiling isang hamon para sa maraming kabataan ang makapagtapos ng pag-aaral. Ang kawalan ng pambili ng uniporme, aklat, at iba pang gamit ay nagiging hadlang sa kanilang pag-aaral. May mga bata ring hindi pumapasok sa paaralan dahil kailangan nilang magtrabaho upang matulungan ang kanilang pamilya.

Sa ganitong sistema, nagiging pribilehiyo ang edukasyon imbes na isang karapatan. Hindi patas na habang ang ilang bata ay may access sa de-kalidad na edukasyon, ang iba naman ay napipilitang isantabi ang kanilang pangarap dahil sa kahirapan. Kung tunay nating kinikilala ang edukasyon bilang pundasyon ng pag-unlad, bakit marami pa rin ang naiiwan sa laylayan? Dapat maging mas agresibo ang gobyerno sa pagpapatupad ng mga programang tutugon sa mga hadlang na ito, upang matiyak na walang batang maiiwan sa pag-unlad.

Mahirap Noon, Mahirap Ngayon, Mahirap Habambuhay?

Ang isang batang lumalaking mahirap ay malaki ang posibilidad na manatili sa kahirapan sa kanyang pagtanda. Sa halip na makakuha ng disenteng edukasyon, napipilitan silang pumasok sa murang edad sa paggawa upang matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Ngunit dahil sa kakulangan ng edukasyon at kasanayan, napupunta sila sa mga trabahong mababa ang sahod at walang benepisyo. Sa ganitong sitwasyon, mahirap makaahon at mas mahirap makapagbigay ng magandang kinabukasan sa susunod na henerasyon.

Kapag hindi nabigyan ng sapat na suporta ang mga batang ito, magpapatuloy lamang ang siklo ng kahirapan. Magiging mahirap din ang kanilang magiging pamilya, at ang kanilang mga anak ay mararanasan din ang parehong suliranin. Kung hindi masusugpo ang problemang ito, magpapatuloy ang kawalan ng oportunidad sa maraming henerasyon. Ang pagbasag sa siklong ito ay hindi lamang para sa kasalukuyang kabataan, kundi para rin sa hinaharap ng ating lipunan.

Kanino Ba Talaga ang Pananagutan?

Walang batang dapat mamuhay sa matinding kahirapan. Ngunit ang realidad, tila ipinapasa sa kanila ang bigat ng isang sistemang hindi gumagana para sa mahihirap. Ang gobyerno ay may responsibilidad na tiyakin na may sapat na programa upang bigyan ng patas na pagkakataon ang bawat bata—mula sa de-kalidad na edukasyon, maayos na serbisyong pangkalusugan, hanggang sa mga programang sumusuporta sa kanilang kinabukasan.

Ngunit hindi lang ito usapin ng gobyerno. Bilang isang lipunan, tayo rin ay may pananagutan. Ang pagbibigay ng oportunidad sa mga mahihirap na bata ay hindi kawanggawa kundi isang obligasyon upang magkaroon ng patas na kinabukasan para sa lahat. Kailangang lumampas tayo sa simpleng awa at lumipat sa tunay na pagkilos—pagtutulungan ng pamahalaan, pribadong sektor, at ng bawat isa upang matiyak na walang batang maiiwan sa laylayan ng lipunan.

Normal na Lang Ba Talaga ang Kahirapan?

Ang child poverty ay isang hindi maiiwasang bahagi ng lipunan—ito ay isang problema na maaaring solusyunan kung tunay na gugustuhin natin. Hindi natin maaaring isantabi ang katotohanang bawat batang nalulugmok sa kahirapan ay isang oportunidad na nawala para sa ating bayan. Ang pagpigil sa siklo ng child poverty ay hindi lamang isang moral na responsibilidad kundi isang hakbang tungo sa isang mas makatarungan at maunlad na hinaharap.

Kung nais natin ng isang mas maliwanag na kinabukasan, dapat tayong magsimula sa mga pinakamahalaga—ang ating mga kabataan. Hindi natin sila maaaring hayaan sa anino ng kahirapan.

Ang tunay na pag-unlad ay hindi lamang nasusukat sa pagtaas ng ekonomiya kundi sa pagtiyak na bawat bata ay may patas na pagkakataon upang makamit ang isang mas magandang kinabukasan.

Focus, No One Degree Mistake is Acceptable

CHRISTINE MONTINO

Accidents are truly unpredictable, and so are the motorists. The road is not always flat and steady but why so is the government? Still, pedestrians have a part too! Crashes will be prevented if everyone has inculcated into their minds the high value of road safety.



In the past few months, road crashes and accidents have become too frequent and it is disturbing. One recent case that is very vicinal to us is the Calumpit mini bus accident where two died, while 18 were injured including eight of our fellow BulSUans.

This is not really surprising but again, very alarming. According to the mini bus commuters as well, its drivers are reckless, overspeeding even in the middle of a heavy traffic and also, overloading just to earn more, risking the passengers' lives including theirs.

Most of the reasons for these accidents is the malfunctioning of the brakes resulting in loss of control. Yet, isn't the company's and drivers' responsibility to double-check and conduct maintenance thoroughly before driving the vehicles? Or maybe they already noticed little signs but due to the call of their needs, they just brushed it off and swift but then, facing an even more difficult situation.

Not only passenger vehicles are at fault, even the private motorists who are very stubborn. Some are overspeeding and red light beaters, distracted driving and under the influence of alcohol and drugs. These violations are common sense and being reiterated by the officials yet, their hard-heads did not survive.

In the large scale manner, the government should already step up to monitor road safety. However, the motorists are not the only problem, a big factor is the road itself; faulty traffic lights, fading pedestrian lanes, no lights along the roads, and the most difficult problem motorists deal with are the cracked roads. Not well-mandated truck ban damages the roads since some vehicles are too heavy. For sure they are receiving reports about it but do not take action right away.

After fault-finding on motorists and the government, pedestrians have no escape and in fact, are the most vulnerable. Being so delinquent and crosses whenever and wherever they want, performing a suicide in the public.

All take one to three roles on the road; motorist, pedestrian, or part of the government.

Open your eyes wide, look left, then right, and every angle. Know the traffic and safety rules, because one degree of mistake can take lives.



Kapag ang Pag-asa ay Binawasan

ELISHA LEXIE ALFONSO

Sa bawat hakbang na tinatahak patungo sa paaralan, ang bulong nilang kabataan ang pag-asa ng bayan ang nagtutulak upang magpatuloy. Ngunit kung titignan ang lumang blackboard, kulang na silya, at sirang kisame ng bawat silid-aralan, mapapaisip ka kung ano nga ba ang tunay na halaga para sa isang bansa—ang mga makikinang na imprastraktura, matutunog na pangalan ng mga politiko, o ang tahimik at patuloy na pamumuhunan sa kaisipan ng kabataan?

Sa Pilipinas, ang sagot sa tanong na ito ay naging mas komplikado, habang ang mga pagbabawas ng badyet ay namumuo ng malaki at madilim na anino sa kinabukasan ng edukasyon sa bansa.

Ang 2025 Pambansang Budget ng Pilipinas ay nagdulot ng malaking kontrobersiya, lalo na sa mga pagbabawas ng badyet para sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED). Bagamat ang sektor ng edukasyon ang may pinakamataas na badyet para sa taong 2025, tuloy pa rin and diskusyon kung ito ay sapat para sa tunay na mahahalagang proyekto at departamento.

Ayon sa report, ang badyet ng DepEd ay nabawasan ng 12 bilyong piso. Parte rito ang 10 bilyong piso na ibinawas sa programa ng kompyuterisasyon ng DepEd—isang tahasang kawalan ng pagpapahalaga sa digital age. Sa isang mundo kung saan marami ay nabubuhay na sa koneksyon, hinaharangan ng gobyerno ang mga mag-aaral sa pampublikong paaralan sa isang kinabukasan ng digital literacy. Sa patuloy na pag-usbong ng makabagong panahon at teknolohiya, hindi ba't mahalaga na bigyang pagkakataon ang kabataan na gamitin ang mga teknolohiyang ito sa kanilang pakinabang? Lalo na't halos ang lahat ng bawat galaw ng mundo sa panahon ngayon ay umiikot na sa digital world. Hindi lang ito tungkol sa pagbabawas ng badyet, ito ay isang pader na pilit hinihiwalay ang mga may pribilehiyo mula sa mga nasa laylayan.

Kung pilit silang inaalisan ng ganitong pagkakataon, paano sila sasabay sa bilis ng takbo ng buhay? Paano natin aasahan ang kabataan na lumago sa buong mundo kung pinagkakaitan sila ng mga kagamitan upang makilahok?

Gayundin, ang badyet ng CHED ay binawasan 30 bilyong piso, na nagtanggal sa planong 3 bilyong piso pondo para sa libreng kolehiyo. Ang pag-alis ng alokasyong ito ay direktang humahadlang sa pagpapalawak ng libreng mas mataas na edukasyon na ipinag-uutos ng RA 10931 na may layuning magbigay ng libreng matrikula sa State Universities and Colleges (SUCs), Local Universities and Colleges (LUCs), at mga technical-vocational na institusyon.

> **Paano mabibigyang pagkakataon ang mga mahihirap na matuto at bumangon sa hirap kung pilit silang tinatanggalan ng pagkakataon at karapatan sa libreng edukasyon?**

Isa pang dagok na haharapin ng mga mag-aaral at guro dala ng mga pagbabawas ng alokasyon ay ang patuloy na kakulangan sa maayos na pasilidad sa bawat pampublikong paaralan at pamantasan. Ngayon pa lang ay nakikipagsapalaran na ang mga guro at mag-aaral sa masisikip na mga silid-aralan, kulang na mga silya, sira-sirang kisame, at mainit na paligid, ngunit imbes na sagot at solusyon ang binibigay ng mga nakatataas, tila ba mas lalo nilang pinahihirapan ang mga kabataan. Sa kasamaang palad, ang krisis na ito ay inaasahan pang umusbong sa susunod na mga taon.

Paano sasagutin ng problema ang isa pang problema? Patuloy na lamang bang magdurusa ang kabataan upang makamit ang simpleng karapatan sa maayos na edukasyon?

> **Habang ipinagmamalaki ang tila malaking alokasyon para sa edukasyon, nagtatago ang madilim na katotohanan—masasakit na pagbabawas na nagsisilbing kutsilyo sa pag-asa ng bayan.**

Ito ay isang banta na nagnanais buwagin ang mismong pundasyon ng pagkakataon at pangarap ng mga kabataang Pilipino.

> **Hindi lang ito tungkol sa kakulangan ng kagamitan o simpleng karapatan, ito ay tungkol din sa isang tahimik na pagnanakaw—ang pagnanakaw ng potensyal, pangarap, at ang kinabukasan ng ating bansa.**

Tinatanggalan na ng pag-asa ang mga pag-asa ng bayan.



ALAB TINIG CONCERT, IDINAOS KASAMA ANG PAGTINDIG NG MGA BULSUAN

/ BRYLLE JACOB LABANG

Photo by **Czamantha Nicole Gonzaga & Hans Bosi**

Naisakatuparan ang Alab Tinig Concert: Freshie Salubong 2024 noong Huwebes, Agosto 29, na may layuning ilahad ang mensahe ng mga estudyante ng pamantasan, kasama ang pagtatanghal ng ilang mga kilalang musikero sa tapat ng Bulacan State University (BulSU) E-Library sa pangunguna ng BulSU Student Government.

Inilahad at pinag-usapan ang mga isyung panlipunan maging ang mga isyu sa loob ng pamantasan kabilang na ang malayang espasyo sa pamamahayag, edukasyon, komunidad ng LGBTQ+, working students, mga atleta at cultural performers, at mga differently-abled person.

Dumalo at nagtanghal naman ang mga musikerong sina Zild, Janine Berdin, Daniel Paringit, One Click Straight, Jayda, at AJAA na siyang dinagsa ng mga BulSUans mula sa iba't ibang kolehiyo.

KAFEDBAHAY 2024 WELCOMES FRESHMEN OF FEDERIZO HALL

/ SHYLELUCK PUNZALAN

Freshmen from the College of Science (CS), College of Architecture and Fine Arts (CAFA), College of Arts and Literature (CAL), and College of Sports, and Recreation (CSER) were welcomed by KaFEDbahay 2024 on August 27 at the Federizo Hall grounds.

The students were greeted by the colorful organization booths from the colleges where they enjoyed numerous freebies, souvenirs, and prizes from mini games during their freshmen walk.

In an interview with some freshmen, they expressed their excitement with the event, "Sobrang fun po, sobrang exciting... hindi rin namin ine-expect na may ganito for us," said one of them.

Afterwards, the freshmen—even older students—enjoyed several performances from local entertainers, including performances from CSER Band, Banda ni Kal, CAFA Glee, and CS Band. Sining Sakbibi Ensemble, Bubblegum Dancer, CS Infinity Dance Crew, and CAFA Movers also performed at the event.

ifferent college student organizations from the four colleges were also given the stage to introduce their works and invite freshmen to their societies.

Moreover, the current president of the Medical Laboratory Science Scholar's Society (MLSSS) Angelica Evangelio, shared how she enjoyed creating their booth for the freshmen, "[Ako ay] excited kasi naaalala ko nu'ng freshie ako, sobrang excited ko maging part ng org at maging MedTech." When asked what she envisions their booth to be, she said, ***"Gusto namin magbigay ng magagamit ng mga first years and several mementos."***

KaFEDbahay 2024 is an annual event hosted by the Local Student Councils of CS, CAFA, CAL, and, CSER to welcome its first-year students on academic year openings.



Photo by **Hans Bosi**



Photo by **Hans Bosi**



Photo by **Hans Bosi**



Photo by **Hans Bosi**



Photo by ***John Charles Bartolome***

STUDENTS TO HAVE CHANGES IN CURRICULUM, ENJOY NEW INFRASTRUCTURES: ULAT NG PANGULO

/ DANIELLA MANAHAN

BulSU Valencia Hall — Bulacan State University (BulSU) President Dr. Teody C. San Andres, had his first presidential report on Thursday, August 29, since his inauguration in 2023.

He highlighted the different infrastructural projects and changes in the student curriculum, focusing more on outcome-based learning.

In accordance with the recently signed R.A. 11980 or the Revised Bulacan State University Charter, the university is set to implement modern changes in the university's operations.

Dr. San Andres introduced new programs and curriculums, including the specializations of the College of Science's BS in Environmental Science, which are Pollution Control Management, and Climate Change and Disaster Management.

The president also said the university's College of Medicine at the San Rafael Campus is now licensed to operate its first semester next month.

"Ang ating College of Medicine ay ang kauna-unahang pampublikong kolehiyo na mag-aalok ng kursong medisina sa buong Central Luzon," he added.

He also talked about the implementation of night classes for working students, and special classes for PWDs and students with special needs.

Furthermore, completed construction and renovation projects were said to already be in use, while other projects are still ongoing, such as the University Driver's Lounge and the University Shop.

More unfinished infrastructures are located at the university's satellite campuses and Campus 2, like the five-storey buildings for the College of Engineering (COE) and the College of Architecture and Fine Arts (CAFA).

Remembering the current 12-year leadership of BulSUOne in the College of Science, Valdesotto expressed that there is pressure to extend this tenure, emphasizing relativity as according to him, the needs of the students differ each year.

“Bawat panahon at bawat termino, nagbabago ang pangangailangan ng estudyante. So kami, I’m proud to say na we are all suited for this [next] term,” he remarked.



KASAMA, NAGSUMITE NA NG COC SA PANGUNGUNA NI SSC PRESIDENTIAL ASPIRANT ROMAN

/ ANEL BARJA AND JOHN CHARLES BARTOLOME

"Konsehong may patutunguhan, proaktibo at konsultatibo."

Ito ang tiniyak ni Prudence Roman, kandidato sa pagkapresidente sa ilalim ng Katipunan Student Movement (KASAMA), sa kaniyang pagsusumite ng Certificate of Candidacy (COC) noong Marso 6, sa opisina ng University Commission on Student Elections (UCSE).

Sa panayam ng CS Wizards kay Roman, ibinahagi niya ang kaniyang dahilan sa paglahok sa Student Government Elections (SGE) 2025.

"Napili nating tumakbo bilang presidente dahil muli tayong pinagkatiwalaan ng partido at miyembro nito... Ayaw natin na naiiwan yung mga estudyante na walang kaalam-alam... Ang Student Government ay para sa estudyante, kaya dapat ang lahat ng ginagawa ay galing sa estudyante at para sa estudyante," ani ni Roman.

Samantala, kasama niyang naghain ng kandidatura si Lovely Vasquez Jaspe bilang kaniyang bise presidente, pati na rin ang mga senatorial aspirants mula sa iba't ibang kolehiyo at kampus:

- JR Rafa, Christian James Sapitan, at Dianne Joi Peralta (College of Engineering)
- Nico Yuchongco at Cheenee Uy (College of Social Sciences and Philosophy)
- John Camacho (College of Architecture and Fine Arts)
- Gerica Legaspi (Sarmiento Campus)
- Danny Boy Caingoy (Meneses Campus)
- Apple Hormigas (Hagonoy Campus)
- Raingel Chico (San Rafael Campus)
- Jhessa DJ. Ramos (Bustos Campus)
- Kem Ladia (Laboratory High School)

Matatandaan na tumakbo si Roman bilang bise presidente noong 2020 sa ilalim ng STAND BulSU (na ngayon ay KASAMA BulSU). Ngayon, siya ay isang student returnee mula sa College of Hospitality and Tourism Management (CHTM).

STUDENTS GAIN INSIGHTS INTO NAVIGATING FINANCES AT UPRISE SEMINAR

/LEXIE ALFONSO



Uprise: Navigating Financial Literacy" drew a diverse number of students on February 17, 2025, at the BulSU E-Library Amphitheater. Students gained valuable insights about financial literacy as the event focused on empowering students to take control of their finances and make responsible decisions.

Spearheaded by the College of Science Local Student Council (CS LSC), the seminar was geared towards 3rd and 4th year Mathematics - Business Applications students and working students but was open to other programs from the College of Science.

The talk commenced with an opening remark from Dr. Valentine Blez Lampayan, an instructor from the College of Science Mathematics Department. In her address, she reminded the students to be grateful for this kind of event as financial literacy is becoming more of a necessity rather than just an advantage.

Ms. Jellie Ann Villarete, a licensed financial advisor and planner, was the first speaker to share her knowledge. Her talk centered on financial stability, with her defining and simplifying the concept of financial stability. She emphasized the importance of emergency funds, minimal debt, investments, and stable income in reaching and securing financial stability. These concepts were put into perspective as she shared experiences of her clients and herself. Furthermore, she shared some budgeting strategies that students can adopt to their lives such as the 60/20/20 budgeting rule.

Her session ended with an open forum, prompting the audience to ask her about saving and investing tips and smart business strategies.

The second session featured Ms. Carhel Jessica Halili, also a licensed financial advisor. In her lecture, she emphasized the need for mastering money skills, stating that financial decisions are not merely based on numbers as it is deeply rooted in psychology and actions. She further expounded on this by asserting that financial freedom does not happen by accident—one has to take action, be intentional, and build the right habits. Ms. Halili also addressed common misconceptions about finances such as not having enough emergency funds and having a negative perspective on credit cards.

Students shared their thoughts and realizations about her discourse as the session came to a close.

The seminar ended with a closing remark from CS LSC Vice Governor Alyssa Velez, followed by a photo opportunity.

In an interview with the CS Wizards, a 3rd-year Mathematics - Business Applications student shared that this seminar was necessary and helpful.

"I do think it was necessary, especially for me as a college student. Learning financial literacy is valuable as it helps us to build good money habits," she stated.

She also added that the learnings will come in handy especially when she enters the corporate world, expressing that the knowledge is something that she can use for a long time.





SGE 2025 UNIVERSITY DEBATE HIGHLIGHTS VARYING PLATFORMS AHEAD OF BULSU STUDENT GOVERNMENT ELECTIONS

/LEXIE ALFONSO

On Wednesday, April 2, the Bulacan State University Activity Center saw the highly anticipated SGE 2025 University Debate, themed "TANGLAW: Igniting Visions, Flaming Leadership Integrity." The event, attended by a student audience and party supporters, showcased the platforms and principles of aspiring student leaders representing BulSUONE (B1) and the Katipunan Student Movement (KSM).

Candidates from both parties were all present. However, lone independent candidate, Nataniel Magat, was not present in the debate due to health concerns.

The program commenced with. Ms. Danica Joy Barde, President of the Legal Management Society, delivering the opening remarks, emphasizing the shared objective of student service despite differing political affiliations.

The debate proper started with the first segment, "SAGOT", where candidates were presented with visual representations of pertinent university issues and tasked with forming and sharing their perspectives within a two-minute time frame. Topics addressed included admission procedures, queue management, the security of student belongings, and policies concerning the Persons with Disabilities (PWD) sector.

A focal point of contention arose during the discussion regarding the Zero-based Grading System. Ms. Roshan Louise "Roshan" Reyes, the B1 presidential aspirant, expressed strong opposition, citing a lack of student consultation and advocating for a focus on quality education. "Kung sinusulong natin ang de-kalidad na edukasyon, hindi sagot ang zero-based grading system," Reyes remarked.

The following segments, "SIYASAT" and "TAPATAN", featured the senatorial candidates. "SIYASAT" required candidates to provide reactions to various issues, while "TAPATAN" involved answering identical questions to highlight the individual perspectives of different parties.

The concluding segment, "SAGUPA", allowed for a direct exchange between the vice-presidential and presidential candidates, making way for a discourse on their respective platforms.

Candidates articulated their platforms, addressing a range of student welfare issues. The BulSUOne SSC slate emphasized initiatives such as scholarship programs, press freedom and organizational funding, inclusive spaces for PWD and LGBTQ+ students, academic support and mental health services, improvements in the university administration, inclusive education, and the abolition of mandatory fees.

Katipunan Student Movement candidates, on the other hand, advocated for reproductive health and gender sensitivity programs, enhanced student spaces, improved scheduling and facilities, financial support for students and student businesses, mental health initiatives, environmental awareness and advocacies, and academic leniency and recognition.

Following the conclusion of the 2025 University Debate, candidates are scheduled to gather for their Miting de Avance on Tuesday, April 8. This final rally is anticipated to serve as a culminating event, allowing candidates to consolidate their campaigns and address the student body before the elections on Thursday, April 10th

34 news
Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025
The Official Student Publication of the **College of Science**

COE GOV. REYES EYES SSC PRESIDENTIAL SEAT WITH BULSUONE PARTY

/ FIONA VENTURA AND CHESTER DANIEL VALENCIA



Photo by **Hans Angelo Bosi**

Roshan Reyes, the current governor of the College of Engineering (COE), has officially entered the race for the presidency of the Student Government (SG) under the BulSUONE (B1) party.

Alongside her slate, Reyes submitted her Certificate of Candidacy (COC) at the University Commission on Student Elections (UCSE) office on March 6.

Lord Peterson Vistan, the current governor of the College of Criminal Justice Education (CCJE) Local Student Council (LSC), joins Reyes in advocating for student-centered leadership. Their campaign focuses on budget reform, financial transparency, and strengthening student representation across all colleges and campuses.

In an interview, Reyes expressed her deep sense of responsibility in running for the highest student leadership position.

"Alam ko 'yung bigat ng responsibilidad. Ang nagtulak sa akin ay isa lang—mga estudyante. Ramdam natin ang mga problemang dinaranas ng mga iskolar ng bayan, at gusto kong maiparamdam sa kanila na mula sa pagbibitbit ng budget sa pambansang gobyerno, ipaglalaban natin ito," Reyes stated.

When asked about transparency and accountability, Reyes emphasized the importance of always prioritizing student welfare.

"Sana lahat ng serbisyo at lahat ng paglilingkod, since nagmula ka sa estudyante, ay parati mong dalhin na para ka sa estudyante."

Meanwhile, Vistan highlighted their commitment to keeping students informed about the council's achievements.

"Isasapubliko natin ang mga napagtagumpayan upang malaman ng masang estudyante. Dahil bilang estudyante, karapatan natin ito—isang bukas at tapat na konseho."

The Reyes-Vistan tandem is joined by official senatorial candidates under the B1 slate for the Supreme Student Council (SSC), which includes:
- Alyssa Velez (College of Science)
- Alvin Sagabaen (College of Arts and Letters)
- Jerolbe Capule (College of Business Education and Accountancy)
- Jay Chris Estrella (College of Hospitality and Tourism Management)
- James Federiane (College of Industrial Technology)
- Eunice Rosalita (College of Social Sciences and Philosophy)
- Anne Paraiso (College of Criminal Justice Education)

With the end of the period for the filing of the certificate of candidacies, the initial list of candidates were released on Saturday, March 8.

SGE 2025 CONVOCATION PROCEEDS ONLINE AS LSC, SSC BETS TAKE STANCES

/ KAYE CASSANDRA CRUZ

The 2025 Student Government Elections (SGE) Convocation at Bulacan State University (BulSU) proceeded synchronously this afternoon, March 27, 2025.

Candidates for the Local Student Council (LSC) and Supreme Student Council (SSC) from the BulSUONE (B1) and Katipunan Student Movement BulSU (KASAMA-BulSU) parties, along with independent candidates, made their formal introductions during the event held via Microsoft Teams.

BulSUONE's presidential candidate, Roshan Reyes, presented their 10-Point Sandigan Agenda, focusing on key student concerns and governance reforms, including the concern about the budget for the education sector, progressive governance, and safe space for people with disabilities and LGBTQIA+, etc.

Meanwhile, the KASAMA-BulSU presidential bet, Prudence Roman, outlined her general plan of action, emphasizing several key platforms, including improving student lounges, designating spaces for student entrepreneurs, and strengthening environmental advocacy, among others.

Later on, a question-and-answer session was conducted to address inquiries from the audience. Following this, Sheila Mae Natividad, editor-in-chief of Pacesetter, delivered a Solidarity Speech.

At the end of the program, the candidates, the UCSE electoral board, and commissioners collectively declared and recited the Pledge of Ethical and Peaceful Election, reaffirming their commitment to ensuring a proper and peaceful electoral process.








Photo by Justine Bryan Espina


Photo by Hans Angelo Bosi

36 news
Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025
The Official Student Publication of the **College of Science**

ISYUNG PANGKAMPUS, PANLIPUNAN, TAMPOK SA DALUYAN 2025

/ ANEL BARJA, BRENT CAMUS, FIONA VENTURA, AT BRYLLE JACOB LABANG

Naging matagumpay ang programang "***DALUYAN: Sino ang Kuskos Balungos?***" noong ika-7 ng Abril kung saan mas nakilala at nakilatis ng mga mag-aaral ang mga binibitbit na prinsipyo at mga plataporma ng mga susunod na lider-estudyante ng Lokal na Konseho ng Kolehiyo ng Agham.

Sa pangunguna ng CS Wizards bilang opisyal ng publikasyon ng kolehiyo, aktibong nakibahagi sa makabuluhang diskurso ang mga kandidato mula sa Katipunan Student Movement (KASAMA) at BuISUONE (B1), kasama ang kanilang mga taga-suporta.

Sa unang bahagi ng talakayan na may titulong Kaninong Balungos, binigyan ng pagkakataon ang dalawang partido na ipakilala ang kanilang mga sarili sa madla at ibida ang kani-kanilang mga plataporma na tampok ang bawat espesyalisasyon ng bawat kurso sa kolehiyo. Bantog sa kanilang mga plataporma ang pagsusulong ng konsehong inklusibo at progresibo habang patuloy na nagbibigay ng suporta para sa lahat ng pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Kabi-kabilang isyung pang-unibersidad ang natalakay sa diskurso ng debate, gaya na lamang ng mga suliranin sa kakulangan ng silid aralan, wastong bentilasyon para sa lahat ng silid, at pagkakaroon ng mga maayos na aparato sa mga laboratoryo.

Pinanindigan ng mga kandidato mula sa parehong partido ang wastong alokasyon ng badyet para sa pagdaragdag at pagpapaunlad ng mga nabanggit na isyu. Sinusugan ni KASAMA Governor Aspirant CK Gabagat ang pagtindig para sa dagdag na pondo at wastong alokasyon nito sa tulong ng makabuluhan at makatotohanang datos, habang ibinida naman ni B1 Governor Aspirant Sean Valdesotto ang aktibong kolaborasyon at matagumpay na pagdaragdag ng bentilasyon sa ilang mga silid sa kolehiyo.

Natalakay din ng dalawang kandidato sa pagkabise-gobernador ang matagal nang isyu sa kakulangan ng palikuran sa kolehiyo. Ibinida ni KASAMA Vice Governor Aspirant Jehan Surio ang mga plataporma ni KASAMA Board Member Aspirant Alex Salazar ang pamimigay ng sanitary napkins at maayos na kagamitan sa mga palikuran, habang iginiit naman ni B1 Vice Governor Aspirant Yarii de Guia ang pagsulong pa rin ng mas mataas na badyet para sa renobasyon ng mga gusali sa loob ng pamantasan, lalo na sa mga lumang gusali gaya na lamang ng Federizo Hall.

Sa usapin kung sapat ba ang suporta at espasyo ng mga organisasyon sa kolehiyo, o kung ang suporta ay lumalabas lamang kapag may mga pagtitipon na kailangan sila para sa "publicity," mariing pinahayag ni KASAMA Vice Governor Aspirant Jehan Surio na ramdam niya ang kakulangan ng suporta at espasyo para sa mga organisasyon, kung kaya't patuloy nilang ipinaglalaban ang karapatan ng lahat ng sektor ng mag-aaral sa loob ng pamantasan.

Naniniwala rin si Surio na ang sapat na espasyo ay susi sa mas epektibong mga proyekto ng organisasyon, at bagamat may kaunting suporta hindi ito dapat para sa "publicity" lamang.

Nangako si B1 Vice Governor aspirant Jon Alliary De Guia na palalakasin ang mga organisasyon at publikasyon sa unibersidad, at hinamon ang administrasyon na unahin ang serbisyo dahil hanggang ngayon ay wala pa ring sapat na espasyo para sa mga organisasyon kahit may mga silid na hindi nagagamit at may pondo ang pamantasan.

Sa Kamay at Balungos, hinimay rin ang mga napapanahong isyu sa loob at labas ng unibersidad katulad ng Zero Based Grading System, Reproductive Health Bill, SOGIE Bill, Artificial Intelligence, at Charter Change.



Photo by Andrew Detalo

Samantala, nagbigay rin ng mga katanungan ang mga manonood upang sukatin at timbangin ang kakayahan, kaalaman, at tindig ng mga kandidato sa mga suliranin sa loob ng kolehiyo.

Ayon kay Charlene Joy Cortes, tumatakbong Board Member (BM) ng BSM Business Applications (BA) sa ilalim ng B1, mariin niyang tinututulan ang paghinto ng pag-aalok sa mga estudyante ng programang Business Applications.

“Kailangan po ng bawat isang estudyante na maranasan ang pribilehiyo na mayroon tayo….lalo na't dapat bigyang-tuong pansin din po ang Business Applications at huwag na pong i-discontinue dahil kailangan po ng bawat isang estudyante ng suporta.”

Sa pananaw naman ni KASAMA BM BSM BA Aspirant Carl Alvaro, kulang ang pagbibigay ng impormasyon ng unibersidad sa mga mag-aaral sa high school patungkol sa kursong ito.

“At hindi naman po mapag-iiwanan ang mga current students natin, dahil mayroon po tayong plataporma na kasama lahat ng mula second year hanggang 4th year ay magiging kasama tulad ng program kong review session at yung mga seminars dahil lahat ito ay makakatulong sa kanila at yung sa graduating students makakatulong rin ito para maging handa sila sa labas ng unibersidad,” dagdag pa niya.

Bilang pagtatapos ng programa, naganap ang segment na Harapan ng Balungos kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang bawat magkatunggali na magtanong sa isa’t isa tungkol sa iba’t ibang paksa katulad ng Magna Carta of the Students at Student Government Constitution and By Laws (SG CBL).



Photo by **Andrew Detalo**



Photo by **Andrew Detalo**

BULSU UCSE PROCLAIMS ELECTED SG OFFICERS FOR ACAD YEAR ‘25-’26

/ *DIVINE SISON*


Photo by **Ma. Ellery Brienne Santiago**

University Commission on Student Elections (BulSU UCSE) held a proclamation event for the newly elected officers of the Student Government (SG), which includes the Supreme Student Council (SSC) and respective Local Student Councils (LSC) within the main campus and satellite campuses at the BulSU E-Library Amphitheatre on April 28.

The proclamation started with the LSC of the main campus and satellite campuses, and the elected officers from the SSC were then proclaimed, starting with the elected senators in the satellite campuses, leading up to the proclamation of the elected vice president, Ms. Lovely Vasquez, and the elected president, Ms. Roshan Reyes.

It was followed by an inspirational congratulatory message from the BulSU President, Mr. Teody San Andres, who also led the oath-taking rites.

Meanwhile, the newly elected SG President Reyes delivered her inaugural address, emphasizing the importance of exhibiting the essence of true leadership in fighting for students’ rights, whether inside or outside the campus.

The term of the elected student government officers will begin on May 1, 2025.

Layout by: **Ainery Dizon**



VALDESOTTO-DE GUIA TANDEM FOR CS LSC 2025-2026

/ LEXIE ALFONSO

Sean Kurt "Sean" Valdesotto of BulSUOne (B1) will be the next Governor with 1,054 votes, besting the 333 garnered votes of KASAMA's Chris Kenneth "CK" Gabagat.

Valdesotto will be joined by his running mate, Jon Alliary "Yarii" De Guia as the college's Vice Governor. De Guia earned 1,040 votes, surpassing the 336 votes of Jehan Grace "Jehan" Surio.

Valdesotto and De Guia will be joined by the following victorious Board Members:

Cesar Louie "Luwi" Sarmiento (Biology)
Pia Ashley "Pia" Sioson (Environmental Science)
Blessie Joy "Blessie" Robles (Medical Technology)
Charmaine Kate "Char" Rumbawa (Food Technology)
Jeyaros Charmaine "Jeya" Tayao (Mathematics - Applied Statistics)
Charlene Joy "Cha" Cortes (Mathematics - Business Applications)
Leandro Gabriele "Gab" Austria (Mathematics - Computer Science)

This marks the 13th year of BulSUOne CS having numerical majority in the College of Science Local Student Council.


CS VOTERS TURNOUT RECORDS HIGH RATINGS FOR 2025 SGE

/ LEXIE ALFONSO




The College of Science recorded a 71.25% voter turnout, the highest percentage among other colleges in the main campus and exceeds the previous year's turnout of 65.85% by 9.4% in which a total of 1,512 out of 2,122 students participated in the 2025 Student Government Elections.


However, the overall voter turnout for the Student Government positions decreased. From 58.7% last year, it dropped to 46.71%, tallying a decline of 11.99%.



Peopuls 2025: Looking Back at the 2024–2025 College of Science Local Student Council's Performance

LEXIE ALFONSO





The College of Science Local Student Council (CS LSC) stands as the pillar for the student body in the college, carrying the responsibility to guide, represent, and lead every student. They are the voice, the hand, and the vision that shapes the student experience of every Green Wizard.

Now, as the academic year turns and the previous council members pass on the torch, the time has come for a crucial and insightful assessment of their year-long term.

With this, the CS Wizards, the official student publication of the College of Science, facilitated **PeoPuls**: **People's Pulse**—a survey allowing the student body to directly assess the performance, representation, accessibility and communication, reliability, and accountability of each student leader.

📌 A Glimpse into Student Leadership Performance

With a total of 184 respondents, the PeoPuls: People's Pulse has shed light on the performance of the College of Science Local Student Council members. Below is the summary of the key findings from the assessed student leaders:



Governor (**Angelo Yvan Sarile**)
Former governor, Yvan Sarile, demonstrated strong performance across all assessed areas:

🔎 **Performance**: Rated 3.72, leaning towards excellent, with an issue noted regarding proactiveness.
🔎 **Representation**: Achieved a score of 3.68, leaning towards excellent.
🔎 **Communication and Accessibility**: Scored 3.71, leaning towards excellent.
🔎 **Reliability**: Rated 3.70, leaning towards excellent.
🔎 **Transparency and Accountability**: Scored 3.68, leaning towards excellent, with issues cited regarding transparency in decision-making processes and a lack of channels for feedback.



Vice Governor (Alyssa Joy Velez)
Former vice governor, now Senator Aly Velez also received generally positive feedback:

🔎 **Performance**: Rated 3.55, leaning towards excellent, with an issue noted regarding addressing progress on key issues.
🔎 **Representation**: Scored 3.51, leaning towards excellent.
🔎 **Communication and Accessibility**: Rated 3.45, classified as good, with an issue regarding accessibility to students.
🔎 **Reliability**: Achieved a score of 3.5, leaning towards excellent.
🔎 **Transparency and Accountability**: Scored 3.52, leaning towards excellent, with an issue noted regarding a lack of channels for feedback.



Mathematics - Business Applications Board Member (Dyanna Lacostales)
Former Mathematics - Business Applications board member, Yana Lacostales' results indicated areas for improvement:

🔎 **Performance**: Rated 3.0, classified as good, with issues noted on addressing key issues of the program.
🔎 **Representation**: Scored 2.88, leaning towards good, with issues in advocating the needs of students in the program.
🔎 **Communication and Accessibility**: Rated 2.7, leaning towards good, with issues regarding being accessible to students.
🔎 **Reliability**: Achieved a score of 2.94, classified as good.



Mathematics - Applied Statistics Board Member (Nataniel Francis Magat)
Former Mathematics - Applied Statistics board member, now Senator Nat Magat received strong positive ratings:

🔎 **Performance**: Rated 3.52, leaning towards excellent, with issues noted on a lack of organized events for the program.
🔎 **Representation**: Scored 3.62, leaning towards excellent.
🔎 **Communication and Accessibility**: Achieved 3.62, leaning towards excellent, with an issue noted on promptly responding to queries.
🔎 **Reliability**: Rated 3.71, leaning towards excellent.



Biology Board Member (Sean Kurt Valdesotto)
Former Biology board member, now Governor Sean Valdesotto consistently performed well:

🔎 **Performance**: Rated 3.63, leaning towards excellent.
🔎 **Representation**: Scored 3.61, leaning towards excellent, with an issue noted on advocating for the actual needs of students in the program.
🔎 **Communication and Accessibility**: Achieved 3.65, leaning towards excellent.
🔎 **Reliability**: Rated 3.71, leaning towards excellent, with an issue noted on dependability.



Environmental Science Board Member (**Rio Jasmine De Guzman**)
Former Environmental Science board member, Rio De Guzman, performed generally well:

🔎 **Performance**: Rated 3.15, classified as good, with issues noted on the effectiveness of programs made.
🔎 **Representation**: Scored 3.24, classified as good.
🔎 **Communication and Accessibility**: Achieved 3.15, classified as good, with issues on communicating projects and programs.
🔎 **Reliability**: Rated 3.23, classified as good.



For Mathematics - Computer Science Board Member, Medical Technology Board Member, and Food Technology Board Member, specific individual results could not be provided, as the number of respondents from these programs was too low to yield statistically credible and representative results.

📌 **Guiding the New Term**

These insights, whether highlighting areas of strong performance or pointing out opportunities for improvement, should be meticulously taken into account by the current leaders. Specifically, the incumbent LSC can strategically improve their methods, resolve unresolved issues, and build on past achievements by knowing how the student body views the performance of their predecessors in critical areas like representation, communication, and accountability.

This evaluation is not merely a retrospective glance—it is an essential channel aimed at understanding the strengths, identifying areas for growth, and ultimately, charting a clearer path for the current and succeeding LSCs to continually elevate their service and impact on the College of Science community.



42 devcomm Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

The Official Student Publication of the **College of Science**

Tanglaw sa Lilim

Pagsilip sa Kalagayan ng mga Munting Espasyo

ni Queenie Ir

Upang makapagpatayo ng mga nagtatarikang mga gusali, kailangan muna itong dumaan sa mahaba at masusing proseso para makabuo ng isang konkretong pundasyon nang sa gayon ay matiyak ang tibay at katatagan nito sa paglipas ng panahon.

Sa anumang larangan, hindi na bago ang ganitong prinsipyo.

Maging sa mga matatagumpay na indibidwal at samahan, kailangang may sapat at matibay na suporta upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin. Subalit, hindi ito madaling makamit --- tulad na lamang ng kasalukuyang kalagayan ng mga punong-tanggapan ng mga organisasyon sa ilalim ng Kolehiyo ng Agham.

Maliit, mainit, masikip --- ganito ilarawan ng mga lider-estudyante mula sa Kolehiyo ng Agham ang kasalukuyang kalagayan ng kani-kanilang mga "headquarters". Hindi na ito bago sa pandinig para sa karamihan, sapagkat ang mga maliit na espasyo sa mga ilalim ng hagdanan ng mga gusali ang nagsisilbing kwadro ng mga organisasyon.

LILIM NG HAGDANAN

Humigit kumulang nasa isang daan at apat ang kinikilalang organisasyon ang nakatatag sa pamantasan ng Bulacan State University, hindi pa kabilang ang mga maliliit at bagong umuusbong na mga organisasyon. Pito rito ay mula sa kolehiyo ng Agham.

Kabilang dito ang Mathematics Society (MathSoc), Environmental Science Society-BulSU (EnviSoc), Biological Sciences Society (BioSoc), Philippine Association of Food Technologist – BulSU Chapter (PAFT-BulSu Chapter), Medical Laboratory Science Scholar's Society (MLSS), CS Wizards, at kasama ang lokal na konseho ng kolehiyo ng Agham (CS LSC).

"Mathematics Society was established in the year 1998[...] it is a college-based organization within our college, the College of Science and recognized by the Office of the Student Organization and Activities (OSOA) and we are celebrating 27 years of service to math-loving students." Pagpapakilala ni Shaira Mae Palileo, pangulo ng Mathematics Society (MathSoc).

Ang MathSoc, kabilang ang BioSoc at CS LSC ay ang mga organisasyon na humigit dalawa at kalahating dekada na mula nang ito ay maitatag. Kahit sa loob ng mahabang panahong ito, patuloy pa rin na daing ng mga lider-estudyante ang kinakaharap nilang hamon sa kakulangan sa pasilidad para sa kanilang mga organisasyon.

"Lagi't lagi naming binabalikan na naglilingkod o tinitingnan namin ay kaming lokal na konseho ay tumutugon sa karapatan at kapakanan ng bawat estudyante na nasasakupan ng kolehiyo", tugon ni Gobernador Angelo Yvan Sarile, ang kasalukuyang gobernador ng lokal na konseho ng Kolehiyo ng Agham.

Pilit na pinagkakasya ng Lokal na Konseho ng Kolehiyo ng Agham at ng Mathematics Society ang maliit na espasyo sa ilalim ng hagdanan ng Federizo Hall upang matugunan ang pangangailangan ng bawat isa.

Limitado ang kanilang paggalaw dahil ang espasyong ito ay makitid at puno ng mga materyales, equipments at mga dokumento mula sa dalawang organisasyon. Dahil dito, tanging pag-upo at pagtayo lamang ang maaari nilang gawin upang magkasya ang mga opisyal at ilang miyembro sa loob.

"Ang kagandahan lang rin sa facility, mayroon siyang parang hagdan where yung mga nandoon po sa [ibabaw] ng hagdan na yun, yun po yung talaga yung untouch ng baha, and yung mga nasa baba po...since limited lang po siya, para ma-maximize po namin yung storage usage namin, so kahit yung ultimong pinakagilid-gilid, we maximize po sa mga pwede po namin ilagay.", pagbabahagi ni MathSoc Pres. Palileo.

Samantala, ang organisasyon ng Environmental Science Society (EnviSoc-BulSU) at Medical Laboratory Science Scholar's Society (MLSS) ay na nanatiling walang sariling pasilidad para sa kanilang organisasyon. Ang pagkakaroon ng sariling pasilidad para sa kanilang organisasyon ay nagmimistulang bulong sa hangin.

"... dahil wala nga kaming headquarters ang nangyayari ay watak-watak ang mga resources at materials na ginagamit namin. Minsan pa nagkakaroon o nawawala ito dahil wala kaming sapat na espasyo para paglagyan ng mga kagamitan na ito." tugon ni EnviSoc Pres. Gabagat.

Dahil sa kakulangan ng espasyo, ang pasilyo na lamang ng SRLC ang naging eksteksyon ng apat na sulok na headquarter ng Philippine Association of Food Technologists (PAFT) upang makalinga ang kanilang mga miyembro.



The Official Student Publication of the **College of Science**

Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

devcomm 43

m ng Hagdanan:
o ng mga Organisasyon ng Kolehiyo ng Agham

ish O. Quiray

Ayon kay Toni Cruz, kasalukuyang pangulo ng organisasyon ng PAFT, bukod sa pagiging meeting place at storage room para sa mga members at executive boards, ang kanilang headquarter rin ay nagiging 'center' na rin ng kanilang mga bonding kasama ang mga miyembro sa iba't ibang lebel ng kanilang programa.

Ang apat na sulok na ito, sa mga ilalim ng hagdan ang nagsisilbing tahanan ng bawat organisasyon upang lubos na makalinga at mapaglingkuran ang kanilang mga miyembro, subalit isa rin ito sa mga problema na humahadlang sa kanilang pagnanais na makapaglingkod ng buo sa kanilang nasasakupan.



DAING NG MGA TANGLAW

Sa patuloy na pagtaas ng porsyento ng mga estudyante na tinatanggap sa loob ng unibersidad, ang kakulangan sa espasyo at pasilidad ay patuloy na lumalala. Kaya naman, ang kahilingan ng mga lider-estudyante na magkaroon ng sapat na pasilidad para sa kanilang mga punong-tanggapan ay naisasantabi para makalinga ang isyu sa kakulangan ng mga silid-aralan.

"[...] unang una, ang aming tinatawag na opisina ay hindi talaga namin opisina, ito ay yung tinatawag natin ng kolehiyo na Student Center kung saan kasama namin yung iba't ibang organization itself.", ani ni CS LSC Gov. Sarile.

Nararanasan ng Student Center ang matinding hamon ng limitadong espasyo, lalo na sa panahon ng mga kalamidad tulad ng bagyo at matinding init.

Ayon kay Gobernador Sarile, ang maliit na lugar ay nagiging suliranin dahil lubos itong apektado ng pagbabago ng panahon. Kapag bumabaha, nahihirapan ang mga estudyante sa paggamit ng pasilidad, at sa matinding init naman, nagiging hindi komportable sa loob ng punong-tanggapan. Dahil dito, nagiging hamon ang pagpapanatili ng kaayusan at kaginhawaan sa Student Center sa harap ng mga ganitong sitwasyon.

Sapagkat, kamakailan lamang naranasan ng lokal na konseho kasama ang opisyal na publikasyon ng kolehiyo, CS Wizards, ang matinding hamon sa pagtama ng bagyo noong nakaraang bakasyon ng taong 2024.

Ang loob ng kani-kanilang mga punong-tanggapan ay pinasok ng putik at baha. Ang mga dokumento, sertipiko at ilan sa mga parangal ng mga organisasyon ay nabasa at sa kasamaang palad ang ilan sa mga gamit kagaya ng bagong biling printer ng lokal na konsenho ay nasira.

"Masakit isipin pero kasama ang ating chief (Editorial in Chief) at si (MathSoc) Pres Shaira ay nalungkot kami [and] sa nakaraang taon din kasi ay binaha yung loob ng student center, , and kasama dito yung bagong bili naming printer, talagang sobrang pinag-ipunan namin at sa IGP natin kinuha na ilang taon din namin ginustong magkaroon ng sariling printer, pero sa nakalipas na linggo lang, dahil sa bagyo[tag ulan], nawala lahat and pati yung mga natabi naming pinapahiram, nawala din siya." Ibinahagi ni kasalukuyang Gov. Sarile.

Dagdag pa nito, hindi lamang ito isang beses nangyari sa organisasyon sapagkat taon-taon ito nangyayari.

Sa kabilang banda, taliwas ang kinakaharap na ng EnviSoc, sapagkat wala silang maituturing na sariling pasilidad. Ang dating itinalagang lugar para sa kanila ay hindi na nila nagamit matapos ang epidemya. Dahil dito, hanggang ngayon ay wala pa rin silang headquarters, sa kabila ng patuloy na pagdami ng kanilang miyembro—mula sa 100, ngayon ay umabot na sa mahigit 181 aktibong kasapi.

"Ngayon na nandito tayo sa kasalukuyan [is] wala kaming ginagamit na headquarters or wala kaming napupuntahan na headquarters ngayon... Ang laking factor na walang headquarters kasi bilang estudyante kailangan talaga na may headquarters ang bawat organization kasi doon namin nilalagay yung mga resources [...] yung mga materials [...] na ginagamit namin para sa mga activities... Pero dahil nga walang kaming headquarters ang nangyayari ay watak-watak ang mga resources." saad ni EnviSoc President Gabagat.

Samantala, ang daing naman ng organisasyon ng BioSoc ay hindi sa kakulangan ng espasyo, kundi sa seguridad at privacy ng kanilang organisasyon, sapagkat isang manipis na harang lamang ang nagsisilbing haligi ng kanilang headquarters na hindi sapat upang masigurado ang seguridad ng mga impormasyon at gamit sa loob ng kanilang espasyo.

"The space is probably just enough, but the lack of doors in our HQ setup has been a drawback, especially when it comes to safeguarding the organization's essential materials." Ani ni BioSoc President Rela Aguilos.

Hindi pa man lubusang nabibigyang pansin at nabibigyang solusyon ang panawagan ng mga lider-estudyante para sa kanilang mga pasilidad, panibagong hamon na naman ang dadagdag dahil sa panukala ng Department of Budget and Management (DBM) na pagbawas sa pondo ng mga kolehiyo at pampublikong pamantasan o SUCs sa taong 2025.

Tinatayang nasa ₱114 milyon ang ibabawas sa pondo ng unibersidad, kung saan ito ay nangunguna sa pinaka-maaapektuhan na mga pamantasan sa Central Luzon at pang sampu sa buong bansa. Ang panukalang ito ay lubos na makaaapekto sa kalagayan ng unibersidad.

Patong-patong na suliranin ang kinahaharap ng pamantasan upang matugunan ang pangangailangan ng mga estudyante at guro.

KAKULANGAN O KAPABAYAAN

"Isa sa mga ginawa naming hakbang last year is nakipag-usap kami kay Dean... ni-raise namin siya... [but] unfortunately hindi pa rin siya nabibigyang solusyon", pagbabahagi ni Pres. Chris Kenneth Gabagat ukol sa kanilang ginawang hakbang para masolusyunan ang kanilang suliranin.

"Unfortunately, despite of the requests ng mag previous officers sa mga term nila ay hindi pa rin po ito nagagrant.", ganito rin ang suhestiyon ni MathSoc Pres. Palileo.
Ang lumang gusali ng Federizo Hall ang natatanging gusali sa loob ng pamantasan na kumakalinga sa tatlong kolehiyo. Hindi lamang Kolehiyo ng Agham ang naririto bagkus pati na rin ang College of Arts and Literature (CAL) at College of Architecture and Fine Arts (CAFA).

"Lumapit na rin tayo sa lokal ng administrasyon natin about dito, and sinusubukan na magkaroon tayo ng [tawag dito] ng mga headquarters and offices pero sa kasalukuyan kasing hinaharap natin, dito sa Federizo Hall mismo ay tatlong kolehiyo yung nakapaloob dito kaya hindi din tayo mabigyan mismo ng headquarters itself", pagbabahagi ni Gov. Sarile

Kaya naman, ang pagkakaroon ng sapat na pasilidad ay isang malaking dagok. Pahirapan sa paghanap at pagkuha ng mga room para lamang makapagklase.
Kung ang pagkakaroon pa lamang ng sapat na espasyo para sa pag-aaral ay isang suliranin na kay hirap solusyunan, paano pa kaya ang hinaing ng mga lider-estudyante na mapabuti ang mga pasilidad para sa kani-kanilang mga organisasyon.

"Isa sa mga ginawa naming hakbang last year is nakipag-usap kami kay Dean... ni-raise namin siya... [but] unfortunately hindi pa rin siya nabibigyang solusyon", pagbabahagi ni Pres. Chris Kenneth Gabagat ukol sa kanilang ginawang hakbang para masolusyunan ang kanilang suliranin.

"Unfortunately, despite of the requests ng mag previous officers sa mga term nila ay hindi pa rin po ito nagagrant.", ganito rin ang suhestiyon ni MathSoc Pres. Palileo.
Ang lumang gusali ng Federizo Hall ang natatanging gusali sa loob ng pamantasan na kumakalinga sa tatlong kolehiyo. Hindi lamang Kolehiyo ng Agham ang naririto bagkus pati na rin ang College of Arts and Literature (CAL) at College of Architecture and Fine Arts (CAFA).

"Lumapit na rin tayo sa lokal na administrasyon natin about dito, and sinusubukan na magkaroon tayo ng [tawag dito] ng mga headquarters and offices pero sa kasalukuyan kasing hinaharap natin, dito sa Federizo Hall mismo ay tatlong kolehiyo yung nakapaloob dito kaya hindi din tayo mabigyan mismo ng headquarters itself", pagbabahagi ni Gov. Sarile

Kaya naman, ang pagkakaroon ng sapat na pasilidad ay isang malaking dagok. Pahirapan sa paghanap at pagkuha ng mga room para lamang makapagklase.
Kung ang pagkakaroon pa lamang ng sapat na espasyo para sa pag-aaral ay isang suliranin na kay hirap solusyunan, paano pa kaya ang hinaing ng mga lider-estudyante na mapabuti ang mga pasilidad para sa kani-kanilang mga organisasyon.



"... kasi kahit nagkausap na dati na may ibibigay na opisina para sana magkasama-sama at lumaki yung student center is hindi rin ito nabibigay sa mga organizations kundi naibigay ito para maging classroom ng mga estudyante dahil sa kakulangan mismo sa silid-aralan." Dagdag pa ni Gov. Sarile.

Tunay na balakid nga ito para sa ilang lider-estudyante para sa kanilang pinamumunuan sapagkat nalilimitahan nito ang kanilang kakayahan para lubusang makalinga ang kanilang mga miyembro.

"The organization is impacted by extreme heat since the glass windows have no curtains. We requested permission from the dean's office to install blinds to reduce the heat inside and prevent damage to our printer during the summer. However, our request was once again denied..." kwento ni BioSoc Pres. Aguilos.

Bagama't ganito ang nararanasan nila, hindi maitatanggi na ang katatagan at kahusayan ng mga lider-estudyante sa paglutas ng ganitong mga suliranin ay isa sa kanilang pinakamahusay na katangian.

Nalilimitahan man nito ang kakayahan ng mga organisasyon subalit patuloy pa rin ang mga organisasyon na humanap ng ibang alternatibong paraan upang maisagawa ang kani-kanilang mga aktibidad at patuloy na makapaglingkod.

"Usually, ang alternative namin ay online, pag nagkakaroon kami ng face-to-face meeting, nanghihiram kami ng room sa SRLC...", pagbabahagi ni EnviSoc Pres. CK tungkol sa paano nila pinamahalaan ang kawalan ng pasilidad para sa kanilang organisasyon.

Madalas na isinasagawa ng mga organisasyon ang kanilang mga pagtitipon sa pamamagitan ng mga video conferencing services katulad ng Google meet, MsTeams, at Zoom. Sa tulong ng mga ito, nakakaya ng mga organisasyon na makipag-ugnayan at makipag diskurso sa kanilang mga miyembro na hindi nangangailangan ng face-to-face interaction.

Kung minsan naman ay nakikisuyo sila sa kanilang mga professors at nagpapareserba sila ng bakanteng silid lalo na sa mga pagkakataon na kailangan talaga ng personal na ugnayan.

"We are very lucky enough na mayroon po kaming mabuti at very supportive na adviser kasi kahit any activities po kahit off-campus kami, sinasamahan po talaga kami."pagbabahagi ni PAFT Pres. Toni Cruz.

KAPIT-BISIG

"Kapit tayo." Heto na lamang ang iniwang mensahe ni Gobernador Sarile sa mga kapwa lider-estudyante na humaharap sa ganitong hamon.
Sapagkat naniniwala ang lokal na konseho, na hindi pa huli ang lahat upang mapabuti ang kondisyon ng mga punong-tanggapan ng mga organisasyon sa loob ng Kolehiyo ng Agham.
"To my fellow leaders facing similar challenges, stay persistent and proactive. While setbacks like denied renovation requests can be discouraging, we must continue advocating for better facilities." Mensahe rin ng BioSoc.

Tunay nga na sa kabila ng mga paulit-ulit na daing ng mga lider-estudyante para matugunan ang kanilang suliranin, malaki pa rin ang kanilang pag-asa na ito ay masosolusyunan, hindi man ngayon, pero sa mga susunod na dadaang taon.

"We remain hopeful po for future solution", saad ng pangulo ng MathSoc.
"Kailangan ng mga boses" --- ito ang gustong ipaalala ni EnviSoc Pres. CK sa bawat isa. Bagama't hindi agad napakikinggan ang kanilang mga suhestiyon, kailanman ay hindi mababalewala ang pagkakaroon ng boses. Ang mga boses na ito ang magbubukas ng pinto upang matutukan at mabigyan ng atensyon ang mga suliranin at hamong kinakaharap natin.

Ang mga mumunting tinig na ito ang magsisilbi upang maipakita ang mga malalaking suliranin na pilit na isinasantabi. Ang mga boses na ito ang magiging tulay para mamulat ang administrasyon sa tunay na kalagayan dulot ng sistema.

Ang apat na sulok sa ilalim ng mga hagdan ay hindi lamang isang mumunting espasyo para sa mga lider-estudyante. Ito ay naging saksi sa kanilang mga pagsubok at hamon. Dito rin nabuo at pinagtibay ang kanilang samahan, isang samahang naglalayong maglingkod at maging tinig para sa kanilang nasasakupan.



KaFEDbahay 2024: Meeting the Youngest of Fed Hall

/ SHYLELUCK PUNZALAN

KaFEDbahay 2024 commenced on August 27 at 1 PM with the freshmen students from the College of Science, College of Architecture and Fine Arts, College of Arts and Literature, and College of Sports and Recreation at the Federizo Hall grounds.

During their Fed Walk, the freshmen students were greeted by the colorful organization booths from the colleges. They enjoyed numerous freebies, souvenirs, and prizes from mini games.

It was an enjoyable moment for both the organizations and the freshmen. The current president of the Medical Laboratory Science Scholar's Society, Angelica Evangelio, shared how she enjoyed creating the MLSSS' booth for the freshmen, "[Ako ay] excited kasi naaalala ko nu'ng freshie ako, sobrang excited ko maging part ng org at maging MedTech." [I feel excited for them because I am reminded when I was a freshie, I was so excited to be an org member and a MedTech.] When asked on what she envisions their booth to be, she says "Gusto namin magbigay ng magagamit ng mga first years and several mementos." [We want to give stuff that the first years can use as well as several mementos.]

In an interview with some freshmen, they expressed their excitement and enjoyment with the event. "Sobrang fun po, sobrang exciting... hindi rin namin ine-expect na may ganito for us," [It was so fun and exciting, we did not expect that there are these kinds of programs for us.] said one of them.

After the walk, the freshmen, even older students, enjoyed numerous fun performances from local entertainers. They jammed and jumped with the fun songs of CSER Band, Banda ni Kal, CAFA Glee, and CS Band. They were wowed by the production numbers of Sining Sakbibi Ensemble, Bubblegum Dancer, CS Infinity Dance Crew and CAFA Movers. Different student organizations were given the stage to introduce their cause and invite new members to their societies.

The lights of the KaFEDbahay event surely enlightened the futures of the bunsos of Federizo. One freshmen dreamed, "We wish that 'yung college life namin ay maging light at enjoyable."



Photo by **Hans Angelo Bosi**

FAFF 2024: BEHIND THE HORRORS!

/ *SHYLELUCK PUNZALAN*

The anticipation for The Horror! Fashion Against Fascism and Fossil Fuels (FAFFF) ignites with a photoshoot at the Student Union Building in University of the Philippines-Diliman on August 30, 2024.

It is not just an outfit check

This year's FAFFF revolves around "The Horror!" which features elegant but dark fashion reminiscent of the multitudes of climate disasters which the country faces. The wardrobe masters, Cleo Colon, with her assistant, Sir Red, explains as the "culmination of the effects of climate issues."

Cleo shares that this year's FAFFF is a transition from their previous fashion show with the theme "Empire of the Son: Drought and Deluge" which was adorned with gold, eye-blinding fashion styles which evokes the current state of the government where the ones in power lather themselves in money amid the deteriorating state of the country. "It's a transition from our previous fashion show, nakikita natin na patuloy-tuloy na lumalala 'yung mga environmental disasters...kumbaga, walang nangyayaring solusyon", the wardrobe genius shares, from the extravagant and showy styles of last year changed into the dark, looming atmosphere of this year's FAFFF.

The outfits flaunted by the models are sustainably sourced from *ukay-ukay* stores but carefully picked to rightfully send the underlying meanings that the organizers aim to portray. The blue tapestry reminds the viewers of the floods that struck multiple parts of the country, the brown linens are reminders of the earthquakes and the plight of farmers, and the dark colors emphasize that these horrors are everyday experiences for a huge segment of the population.

As Cleo's assistant, Kuya Red states, "[Ang goal ng] photoshoot na 'to, [ay] mas na-iinvoke 'yung mga visual imagery ng mga issue na 'to." The messages of their project, though not explicitly stated, are conspicuously displayed through strong and vivid colors and styles.

The models not only carried the movement with poise and grace, but with flaming hearts for climate justice. Ley, one of the models for this year's FAFFF and also a member of a Cordilleran indigenous youth organization, shares that one of her push factors for joining this advocacy was to widen the reach of those oppressed by urban developmental aggression. She also opens on the status of those wrongly affected by power play, "I am also a daughter of an environmental activist who was, unfortunately, abducted last year, and we're also campaigning for his surface as well as the other desaparacidos."

It is fashion against fascism


Miss Carmela Llamado, one of the committee coordinators of Youth Advocates for Climate Action Philippines (YACAP), shares how they chose their models for FAFFF, "We want someone who embodies the advocacies."

All of the people moving about that studio were people with stories, people who had fire in their hearts. Their talented makeup artists are telling their stories with brush strokes as they have been there since the beginning of FAFFF. The models were fighters of environmental justice who do work with numerous youth organizations spread in the country.

Ate Mela also shares the reason for choosing a fashion show for their movement for climate justice. She recognizes the role of youth in advocating climate justice, tying back to the YACAP being a youth-led organization. "Mahalaga ang role ng mga kabataan kasi tayo 'yung magmamana ng better world for us."

Photo by ***Czamantha Nicole Gonzaga & Hans Bosi***





She shares that the creative aspect of the fashion show charges their message to reach great heights as they get to collaborate with many people of different sectors, from makeup artists to models, from audiences to influencers. Indeed, from humble beginnings on parking lots, the FAFFF has gathered enough traction to conduct their fashion show at Ignacio B. Gimenez - KAL, UP Diliman, Quezon City, which, for them, allows for a better experience for the attendees.

Alab Ayroso, National Coordinator of YACAP shares that the birth of FAFFF started from the 50th anniversary of martial law and the havoc it created on society. She wanted to share the stories of real people to the youth, and like a bulb, watched Miss Universe 2022 and realized, "Ah, maybe we could tie the advocacies with fashion", which brought about three renditions of FAFFF.

She hopes that this movement of theirs causes a ripple effect, "'Yung mga a-attend hindi na lang 'yung mga nakakaalam about FAFFF, kung hindi 'yung mga nahatak because of fashion but aalis sila with our message.

"Sam-budol-an" as Pagoda Day 2 opens


/ SHYLELUCK PUNZALAN

SAMBALARAN: PAGODA Day 2 shone through cloudy skies as BulSUans reopen their stores on October 28, 2024 in front of the BulSU Activity Center.

Colorful stalls exemplifying the unique creativity of different OSOA-recognized organizations gathered in front of the Activity Center and sold out the hearts of many students. Their shops featured tasty snacks and finger foods sure to delight the stomachs of those who spent a whole day in class.

PAGODA does not only bring joy to those who willingly consume the student-run businesses' products but also gives a feeling of satisfaction and financial help to the ones behind these boutiques. For Christina Acuña, the Executive Vice President of Chamber of Young Business Leaders (CYBL - BulSU JMA), "As a marketing organization, ito 'yung gusto namin [na] maging top-performing sa side-event na 'to." She further explains that they partnered with multiple BulSUan business owners who specialize in handmade crafts, "We advocate 'yung pag-support sa mga gumagawa ng handmade products."

There were also shops who sold handmade trinkets such as keychains, phone charms, and stickers, handmade knitted bags and KPOP and PPOP photocards which were cued for by numerous students wanting to purchase affordable yet quality products.


Photo by Justine Bryan Espina



Photo by Czamantha Nicole Gonzaga


Photo by Justine Bryan Espina

Building the PATH for BSU-MT Students

/ SHYLELUCK PUNZALAN


Photo by Hans Bosi

"Path 3.0: Charting Success" blasts off with a hearty seminar for the freshmen of Bachelor of Science in Medical Technology on December 3, 2024, at the CHTM Audio-Visual Room.

The seminar was opened by the remarks of Sir John Rhil Tobias, who congratulated the freshmen for being able to enter the program. He sent them good wishes while telling them that the path is not going to be easy. "Kailangan niyong mag-aral for your American dreams", he adds as he assures the students that they can achieve anything with hard work.

The main speaker, Dr. Crizelda Salita, speaks with enthusiasm as she opened the huge world of Medical Laboratory Science to the future Medical Technologists. She showed several career paths that their degree will take them, such as a physician license, working in the field of molecular biology, leading in public health, and creating healthcare policies. Together with these invitations, she expressed that all these are achievable, "Being a medtech is not easy, however, I believe that you can do it, pero you have to put in the effort."

She also shared her own experiences and her former students' experiences as successful Medical Technology degree holders and how they all have created names for themselves.

The seminar was grounded on the hopes of painting a beautiful future in the minds of freshmen, and it did just that. The medical technology freshmen walked out of the room with a newer confidence as they face newer obstacles in life.

BulSU commemorates 39th People Power Revolution

/ SHYLELUCK PUNZALAN



Photo by Justine Bryan Espina

On February 25, 2025, the avenues of Bulacan State University were filled with black and yellow colors with the echoes of advocacies rang through its walls. This day marked the 39th year of the EDSA People Power revolution which turned the tables in favor of democracy in the country.

At 3 PM, the BulSU Student Government pioneered the university-wide academic walkout as a response to the refusal of the university administration to their request of cancelling classes on the said date. It began with a snake rally from the BulSU Heroes' Park and circled around the campus and hundreds of BulSUans walked with members of the Student Government.

The event started with a prayer of the rosary, at the heart of the celebration were photos of notable individuals who lost their lives during the Marcos Sr. administration. The attendees all remembered these lost souls, praying that their efforts do not go to waste.

Echoes of the past

As Dean Roy Celestino of the Student Affairs and Services delivers the first solidarity speech, he relates that his mother, an employee of the communications department of Bulacan Capitol, took part in stopping the military tanks from the north to EDSA, **"***Hindi ko makakalimutan ang EDSA people power***,** *dahil kapag kinalimutan ko* **'***yon***,** *parang yinurakan ko na rin ang ginawa ng aking ina noong panahon na* **'***yon***."** After a call from Camp Aguinaldo, his mother was one of the people who made it possible to halt the tanks from going through Tabang.

Despite the event occurring 39 years ago, with none of the current generation present, Dean Roy knew that the future of the country is secure as the youth continues to remember what happened and continue what has been started. *"Kahit hindi na sikat ang EDSA***,** *pero hindi ito tuluyang mababura***,** *hangga***'***t mayroong nakikinig***...***hangga***'***t mayroong nakakakita***,** *patuloy na mabubuhay ang alala at ang diwa***.."**

Mr. Angelo Santos, adviser of College of Arts and Letters LSC, asks, "*Sa palagay niyo ba tapos na ang rebolusyon ng EDSA***?"** He puts into mind that the experiences of the simple Filipino back then are still what most of its citizens are still suffering from today - a reminder that the fight did not stop in EDSA, that the fight still continues in all roads and walks of life today. Mr. Santos also tells the story of his grandfather, a war veteran, who refused to follow the orders of then President Marcos Sr. and was imprisoned. This experience did not stop his grandmother from continuing her husband's fight, she was also imprisoned but was also eventually freed. This event made him learn that there is no room for apathy in a time of despair, one must be a vessel of help and of hope.

Atty. Arjay Capitle of the Student Policy Department and history professor, retells what happened that sparked the movement at EDSA, how it started with a snap elections between Cory Aquino and Ferdinand Marcos, Sr., then with Marcos winning which led to the walkout of many election operators. He shares that Cardinal Jaime Sin was the one who called for a vigil along the camps at EDSA. **"***At itong pag-palag ng mga mamamayan ay ngayong sinusubukang palabnawin***,"** he states as multiple institutions declared February 25 as another regular day. He stands firm that due to the price that the EDSA martyrs paid for our freedom, we have the rights to choose for ourselves and the responsibility to choose the right leaders. As we commemorate this remarkable day, Atty. Capitle stresses that EDSA is not a promise, but the fulfillment of a covenant to protect and serve the country.

Echoed by the present

Sunshine Banting from the College of Education Local Student Council shares that she had received criticisms from her family members for taking part in such event and reminds her fellow students that the cries of those in the outskirts of society must be heard more than the scorns from inside the home. She declares that the fight for justice and freedom must not be confined within one color, **"***Ito ay laban ng bawat Pilipino***,** *ito ay laban ng bawat isa***."**

Dean Roy reminds that the EDSA People Power is "...not just an event that we recall, it is a moral choice - a moral choice sa pagharap sa tanong [na] *"May pag-asa pa ba ang Pilipinas*?" As a result of the current state of the government, one may lose hope in the future of the country, but Dean Roy evoked in the minds of the attendees to put trust in their fellowmen. **"***Maaaring hindi tayo magtagumpay sa ngayon***.** *It is not a failure***,** *it's a delay***."** He painted the humans from the displayed photos in the center, that the fire they started has not been extinguished, but a silent spark that keeps on creeping, defying times.

This spark may not right away cause a flame, however, its slow and steady ignition will surely light up the dark times of the country as it did 39 years ago. **"***Hindi komo kumilos tayo***,** *nandu'n na kaagad ang epekto***."** Dean Roy stresses that as long as there are people who recall the important efforts of the disappeared and martyrs of the Marcos dictatorship.

BulSU SG President Queenie Quintero brings how EDSA revolution happened - peaceful and united Filipinos of all walks of life. **"***Ang EDSA ay hindi lamang isang lugar***...***ang EDSA ay isang patunay ng kapangyarihan ng bayan at ng mamamayan***."** President Quintero knew that by acknowledging one's role in society and choosing to work with fellowmen for the betterment of the country, the simplest of Filipinos can change history and the country's fate.

As the program ended, the students once again dispersed into their normal lives, however, the faces of the martyrs stayed as symbols of what started and what must continue. They are lingering reminders that the EDSA People Power is not just an event one must remember but a history one must act upon.



Photo by **Justine Bryan Espina**



Love is still in Fed

Caught in 'Hearthstrings' Love is in Feb, love is still in Fed!💘

See the love lives of CS students — single or in a relationship – and how they appreciate life a little more everyday. CS Wizards presents *Heartstrings*, a Valentine's special depicting love, in all its forms, and how one can get caught up in it.

Produced by
Rona Joy Manahan, Justine Bryan Espina, John Charles Bartolome, Jewely Gatchalian, and Shyleluck Punzalan

Scan here for full episode!



Zero-based

Blessed ba sa Zero-based?

"Mahihirapan kaso wala ka na rin namang magagawa, eh." "Dahil dito, matututong mag-adjust ang mga estudyante sa panibagong sistema. Ilan lamang ito sa pahayag ng mga nakapanayam ng CS Wizards tungkol sa pagbabago ng grading system sa buong unibersidad. Alamin ang pananaw at pulso ng mga propesor at estudyante mula sa Kolehiyo ng Agham, at kung paano nila tatahakin ang panibagong landas na ito ng kanilang buhay-akademiko. Tunghayan ang kanilang saloobin sa maiksing dokyumentaryo na inihahandog ng CS Wizards.

Produced by
John Charles Bartolome, Francis Cabrera, John Francis Vargas, Justine Bryan Espina, Dianne Carreon, Patricia Dizon, Lorenz Gerald Yambao, and Shyleluck Kate Punzalan



Pasko ngPinas

May tatalo ba sa Pasko ng Pinas? ⭐🎄

Hindi lang regalo ang exciting—ang caroling na minsa'y nakakahiya, exchange gift na mapapaisip ka kung seryoso o kalokohan, at ang mga Christmas day outfits na buong taon pang pinag-isipan—lahat 'yan ay Filipino Christmas core. Ang pasko sa pinas ay higit pa sa mga regalo, dahil ito ay puno ng tawanan, kwentuhan, at pagmamahalan. Ang mga simpleng bagay na ito ang bumubuo sa magic ng pasko. Kaya may tatalo pa ba sa Pasko ng Pinas? Wala!🤪

Produced by
Miles Juan, Eirah Marcelo, John Charles Bartolome, Cristine Montino, Daniella Manahan, Brylle Jacob Labang, Justine Bryan Espina, Gerald Yambao, and Lexie Alfonso



Balangayan 2024

ICYMI, Step back into the vibrant world of Balangayan sa Unibersidad 2024!

Relive the excitement and the thrilling colors of the recently concluded Balangayan event last October 2024. With its outstanding performances and creative showcase of talents, this year's Balangayan paved its way towards a lasting legacy. Watch the video highlights and let the spirit of Balangayan rekindle the creativity and passion in you!

Caption by Kaye Cassandra Cruz
Videos by John Charles Bartolome, Justine Bryan Espina, Czamantha Gonzaga, Vince Aaron Polintan, Juangabriel Santiago, Ma. Ellery Brienne Santiago, and Julia Renee Villaroman
Edited by Aaliyah Trizzia Mhay Untalan



Fashion against Fascism

The fight has been stitched into the braids of change. Wear your clothes and uncover the tyranny

September 13 saw the third installment of the Fashion Against Fascism and Fossil Fuels, "The Horror," at the IBG-KAL, UP Diliman. In a society where fascism and the exploitation of fossil fuels terrorize the people, this fashion show served as a message against state violence and oppression. It's a cry for change—this is resistance.

Produced by: Lexie Alfonso, Patricia Dizon, Hans Bosi, and Czamantha Gonzaga

Gusaling Walang Pangalan, Pero Marami Ang Nilalaman

Ni Fiona Ventura

Sa isang lumang kanto sa bayan, nakapaskil ang isang anunsyo: "Gigibain ang gusaling ito sa darating na linggo para sa itatayong gusaling pang komersyal." Marahil sa mata ng marami, ito'y isang ordinaryong lumang estruktura lamang—marupok na kahoy, kupas na pintura, at lamatlamat na bubong. Ngunit sa pananaw ng kaunting nakakaalam, ito'y isa sa huling natitirang gusaling itinayo pa noong unang bahagi ng ika-20 siglo.

Hindi man sikat sa social media, hindi man ipinapangalan sa mga aklat, ang gusaling ito ay tahimik na saksi sa kasaysayan ng komunidad —mula sa
mga panahong itinatag ang unang sangguniang bayan, hanggang sa mga panahong ginamit itong taguan ng mga dokumentong may pambansang kahalagahan.

Ngayon, ito'y malapit nang tuluyang mabura kahit wala pa sa marami ang tunay na nakakakilala rito.

Sa bawat pagkakalas ng kahoy, sa bawat pagbagsak ng pader, may bahagi ng kasaysayang tuluyang nawawala—hindi dahil sa bagyo o digmaan, kundi dahil sa katahimikan ng mga hindi nakakaalam. Ito ay isang paalala na may mga alaala at kwento tayong hindi nabigyan ng pagkakataong makilala o maunawaan, at ngayon ay nalalapit nang mabura. Sa panahon kung kailan mas pinahahalagahan ang bago, kumikislap, at moderno, tanong ng marami: may halaga pa ba ang mga luma, ang mga hindi kilala, ang mga gusaling hindi nasama sa libro? Ang sagot ay oo —kung pipiliin nating alamin, ipaglaban, at ingatan ang mga ito, habang may natitira pang panahon.

History is Dead?

Ayon sa ilang matatandang residente, ang gusali ay dating munisipyo, paaralan, at maging evacuation center noong World War II. Ngunit wala ni isang page sa internet ang nagbabanggit ng impormasyon ukol dito. Wala ring plakang pampamantala, ni anumang opisyal na pagkilala mula sa pamahalaan.

Ito ang realidad ng maraming makasaysayang lugar sa mga probinsya: nabubuhay lamang sa alaala ng matatanda, pero hindi nailalapat sa papel, mapa, o batas. At sa isang lipunang digital, kung wala ito sa search engine, para bang hindi ito kailanman umiral.

Information Not Found

Sa isang panayam sa mga estudyanteng malapit sa lugar, iisa ang tugon: "Ah, yung lumang bahay? Wala po kaming alam dyan." Ang mga tanong ukol sa pinagmulan ng gusali, sa layunin nitong ipinatayo, at sa mga taong minsang nanilbihan doon ay nananatiling wala pang kasagutan.

Ngunit hindi ang kabataan ang dapat sisihin. Ang mas malaking tanong: Bakit walang access sa impormasyong ito? Bakit tila hindi pinaprioridad ng mga lokal na opisina ang pagdokumento ng mga istrukturang ito?

Lahat ng Bagay May Kapalit

Marami sa mga proyekto ng modernisasyon sa mga bayan ng Bulacan ay naglalayong "paunlarin" ang imprastraktura, gaya ng pagtatayo ng mall, bagong eskwelahan, o city hall annex. Ngunit sa likod ng mga ito ay ang tanong: Kanino ba ang pinipiling paunlarin—at ano ang nawawala sa proseso?

Kung walang konsultasyon, kung walang sapat na dokumentasyon, maaaring nabubura hindi lang ang lumang gusali, kundi ang pagkakakilanlan ng mismong komunidad. Hindi na muling mababalikan ang kasaysayan kapag naitapon na ito kasama ng semento't kahoy.

Kilalanin Bago Wasakin

Ang isang konkretong hakbang na maaaring isulong ay ang pagbuo ng "Heritage Audit" bago aprubahan ang mga proyekto ng demolisyon. Dapat tiyakin na bago gibain ang isang gusali, may malinaw na assessment kung ito ba ay may historikal, kultural, o arkitekturang kahalagahan.

Mahalaga rin ang pagsasanib ng mga lokal na paaralan, youth councils, at barangay historians upang magsagawa ng community mapping—isang proseso kung saan binibigyang-halaga ang mga lugar at alaala mula mismo sa komunidad.

Hindi Laging Alam, Pero Laging May Pakialam

Ang kabataan ngayon ay lumaki sa panahong mabilis ang pagbabago. Ngunit ito rin ang panahong madali ring mabura ang nakaraan. Hindi man sila eksperto sa kasaysayan, may kapangyarihan silang magsimula ng tanong, maghanap ng sagot, at magsulong ng pagkilala sa mga bagay na tila walang halaga — ngunit puno ng alaala.

Hindi kailangang historian ang kabataan para makialam. Sapat na ang malasakit, ang tanong, at ang boses.

Kapag Wala na, Sino Pa ang Makakaalala?

Kapag tuluyan nang giniba ang gusali, at tinayuan na ito ng bago, mananatili na lang itong bahagi ng katahimikan. Walang dokumento, walang marker, walang parangal. Ang mga mambabasang pipiliing makialam—maaaring maging unang hakbang upang ihinto ang tahimik na pamamaslang sa kasaysayan. Sapagkat ang kasaysayan ay hindi dapat kalimutan, lalo na kung hindi pa nga natin ito ganap na naunawaan.





Photo by ***Fiona Ventura***

Bakit Nag-Tatagalog na 'yang Kepap mo?: BINI takes the OPM landscape by Storm

/ SHYLELUCK PUNZALAN

Pantropiko, pantropiko, oh, sa isla ng pantropiko"

Perhaps you've heard them in Tiktok dance challenges or playing in a convenience store. BINI has surely taken every KPOP listener by the neck with their new, summer hit "Pantropiko".

The PPOP girl group's rise to fame seemed to be overnight, starting from small Tiktok dance challenges until their faces covered every university fair poster. But, how did they manage to take hold of the local music landscape?

BINI Taalarawan: BINI Who?

BINI, short for "Binibini", was formed by ABSCBN's Starhunt Academy spearheaded by Director Lauren Dyogi. The program's goal was to gather world-class talents from all over the country and create a pop girl group that will symbolize the colorful roots of our culture.

They managed to gather over 200 applicants who participated in a 5-day boot camp, from them, eight girls were chosen namely Aiah, Mikha, Maloi, Colet, Sheena, Stacy, Jhoanna, and Gwen. They were subjected to more dance and vocal lessons from renowned Filipino and Korean artists. During this period, the girls of BINI lived under the same roof where their bonds formed, creating the humorous BINI that we know today.

BINI debuted on June 11, 2021 with their song "Born to Win" composed by Francis Libiran. A few months before their official debut, BINI had already made noise in Filipino social media platforms with their predebut single "Da Coconut Nut" which is an electro-pop remake of the original piece by Ryan Cayabyab.

Through their lives on KUMU and other platforms, the members of BINI were able to catch the hearts of many young Filipinos. They are not afraid to show their real personalities and humor and does not filter who they are even when in front of the camera.

Born to Win...the people's hearts

BINI's concept was purely experimental during their "nugu" days. They would switch from girl crush to cute to ballad concepts during their earlier days, mostly because they were trying to find the right mix to win the ears of the masses. Their debut song, "Born to Win" featured a more mature concept with a complex choreography and a synth sound. However, what clicked with the people was one of their latest songs, "Pantropiko" which had a summery vibe that featured the "all smiles" version of BINI.



Photo Courtesy to **ABS CBN News**

Songs such as "Pantropiko" are easy songs to win top 1 within the local landscape. Filipinos are naturally cute pop listeners at heart, explaining the fun nursery rhymes we have and our never-ending obsession with colorful festivals. BINI found the way to their target audience's hearts through their cute choreography and catchy lyrics. It is almost impossible to get the "Pantropiko" earworm out of your system!

Taking the chance, BINI double killed with their latest release "Salamin, Salamin" which had the same vibes of "Pantropiko". It featured a key dance step one can do even while bathing which involved opening and closing the hands in front of the face, like a peek-a-boo dance.

In essence, the current BINI concept is entwined with the roots of the colorful Filipino culture. Our natural love for fun and colors is beautifully showcased by every performance and costume of the group. This made the girl group palatable to the public's taste, we're only waiting for them to be officially nicknamed as the "Nation's Girl Group".

Karera sa Islang Pantropiko

In a past live from the group's leader, Jhoanna Robles, she shared how she dreams that BINI would finally have their first solo concert in 2025, and by then, they would have gathered over 500 thousand listeners on Spotify. Can somebody tell her that by 2024, they have managed to gather multiple "firsts" in the history of Filipino pop and they now have 2.5 million Spotify listeners with their music video views on YouTube doubling each day?

It is so obvious that BINI experienced a large catapult into the spotlight with their incredible talents and visuals as the greatest pulling effect on new listeners. Every member has their charms and features that surely attract heart eyes of those who have seen them

Those are only factors that will keep you streaming "Pantropiko", but, what will make you stay in BINI world would be their relatable and very Filipino humor. Every member has their type of making people laugh, Maloi has a striking humor with her funny antics and remarks, and Colet's nickname within the group is "Anger" as she always seems to have her eyebrows meeting but her sarcastic replies to BLOOM's (BINI's fandom name) jokes make their fans laugh hard. Mikha and Gwen are known as the "nonchalant" ones in the group, but when they speak, it's always going to be something funny. Jhoanna and Stacey are known to be in regular fights, which are sights to behold for BLOOMS, while Sheena and Aiah are the ones who get away with being cute and bubbly

Filipino talent is as hidden but shiny as a pearl hidden beneath the seas. They gobble up the stage once shone with a spotlight – that, BINI never ceases to do. The girl group is slowly growing their fanbase, composed of teenagers, young adults, children, and even senior citizens. Soon enough, they'll be dominating world charts and showcase the beauty of Filipino culture and bring everyone...sa Islang Pantropiko!



*Photo Courtesy to **ABS CBN News***



*Photo Courtesy to **ABS CBN News***

Buhay Pa Ba ang Alab o Katawan na Lang ang Lumulaban?: Isang Pagbabalik-Tanaw sa Tulang "'Di Na Tayo Umiibig Tulad Noon"

Ni Fiona Ventura



Photo Courtesy to ***Pexels - Pawel L***

Minsan, habang nakatayo sa isang mataong siyudad, kapansin-pansin kung gaano kabilis gumagalaw ang lahat ng tao sa paligid. Halos hindi na nagkakatinginan ang mga tao. Bawat isa, abala sa sariling gadget, tila may hinahabol na hindi niya makita. May mga ngiti, oo, ngunit mabilis ding naglalaho. May mga tawa, pero tila kulang sa kaluluwa. Ganito na ba talaga ang mundo ngayon?

Wala na ang mabagal na paghinto para magdamdam, mangarap, o umibig nang buong puso. Lahat ay pabilisan, paramihan, at payabangan. Sa mundong ito, tila nga ba ang sinasabi ni Rio Alma sa kanyang tula, "Di Na Tayo Umiibig Tulad Noon," ay hindi lamang tungkol sa pag-ibig sa kapwa, kundi pati sa pag-ibig natin sa mismong pamumuhay.

Hindi lang pag-ibig ng puso ang tila napawi sa panahon ngayon—pati pag-ibig sa mismong pamumuhay. Ang dating mabagal pero makahulugang pagtahak sa pangarap ay napalitan ng mabilisang galaw at mapagpanggap na emosyon. Sa gitna ng mga makukulay na ilaw at pag-ikot ng makina, unti-unting namamatay ang apoy ng damdamin at pag-asa—at kasabay nito, ang tunay na kahulugan ng pagiging buhay.

Nasa Mabagal na Paghakbang ang Buhay

Noong araw, ang buhay ay hindi isang karera kundi isang paglalakbay. Hindi nagmamadali ang mga tao makarating kung saan, sapagkat bawat hakbang ay may saysay. Wala pang Google Maps na nagpapakita kung gaano kalayo o gaano katagal ang byahe. Wala pang social media para i-post ang bawat sandali—sapagkat noon, sapat na ang maramdaman ito para malaman mong totoo ka.

Ang pag-abot ng pangarap ay parang pagtatanim sa ilalim ng araw—pawis, oras, sipag, at dasal ang puhunan. Hindi sa isang kumpas ng kamay, nandiyan na. Hindi microwavable. Bawat pagod, bawat pag-aantay, bawat pagkabigo ay may kabuluhan. Hindi investment ang pagmamahal noon; hindi ito iniisip kung may kapalit. Walang kailangang isaalang-alang sa pagpili ng propesyon, kaibigan, o iniibig. Basta nararamdaman, kaya sinisikap, kahit masaktan pa.

Sabi nga sa tula, "Guniguni'y bantulot nang maglimayon," at kung ihahambing, noon ang guni guni ay malaya pa. Ang imahinasyon ay nakakalipad, nakakalikha ng mga pangarap na hindi nasusukat sa kita o likes. Ang bawat liham ay isinusulat ng kamay, bawat letra ay puno ng pagibig o pangungulila. Hindi minamadali. Hindi tinatama ng makina.

Sa ilalim ng malamlam na liwanag ng mga bituin—hindi ng neon o LED—dinarama ng mga tao ang bawat tibok ng puso nila. May kabagalan, oo. Ngunit sa kabagalan na iyon, lumalalim ang pagmamahal, tumitibay ang pag-asa, lumalaki ang pagtitiwala. Noon, ang buhay ay hindi lamang basta pagkabuhay at paggising sa umaga. Ito ay isang pagninilay—isang mabagal na pagsisid sa kaibuturan ng sariling damdamin.

Sa Mabilis na Agos, Nawala Ka

Ngayon, lahat ay nakasakay sa mabilis na tren ng modernisasyon. Hindi pwedeng huminto. Hindi pwedeng damhin ang sakit, dahil kung babagal, maiiwan. Hindi pwedeng ibuhos ang buong sarili sa isang bagay na walang garantisadong balik, dahil kung hindi, sasabihin ng mundo: sayang ang oras mo, wala kang halaga.

"Tanglaw nati'y hindi buwan kundi neon." Ang dating liwanag ng buwan na tahimik na humahaplos sa mga pangarap ay pinalitan ng nakasisilaw na mga neon lights. Kung dati, ang pangangarap ay isang pribadong paglalakbay, ngayon ito'y isang kompetisyon. Sino ang mas magaling? Sino ang mas mabilis? Sino ang mas maraming followers?

At pati pag-ibig, hindi na basta nararamdaman; sinusukat na ito. Sabi nga sa tula, "Bawat liham na lagdaan ay may karbon, bawat sumpa'y kasunduang nakapapel." Hindi na umiibig para magmahal, kundi para magtagumpay. Hindi na nangangarap para mabuhay, kundi para punan ang kagustuhan ng iba.

Maging relasyon ay may checklist na, "Dapat supportive, pero hindi demanding. Dapat independent, pero available kapag kailangan ko. Dapat walang drama." Maging trabaho ay may sukatan, "Kung walang growth in six months, resign agad." Ang dami ng gustong makamit, ngunit para kanino ba talaga?

Naging plastik at mapagkunwari na ang puso. Naging makina ang damdamin. At sa pagtakbo ng mundo sa ilalim ng makukulay na ilaw ng neon lights, hindi napapansin—unti-unti nang nagiging de-motor ang bawat isa. Hindi na umiibig tulad noon; hindi na rin nabubuhay tulad noon.

Musmos Pa Rin ang Puso

Ngunit kahit sa gitna ng makukulay na ilaw at maiingay na makina, may iilang pusong hindi pa sumusuko. May mga batang masaya pa ring gumuguhit ng kanilang pangarap sa kwaderno, kahit sabihan silang "walang pera d'yan" o "pangarap lang 'yan ng maharlika." May mga musikero pa ring tumutugtog sa kanto, kahit ang mga nakikinig ay ilang estrangherong nagmamadali. May mga guro pa ring nag-aalay ng buhay sa mga baryo, kahit walang bonus o likes.

Sabi nga, "Kahit pusong umibig ngang walang-gatol / Hahatulan nating musmos o nabaliw." Sa panahon ngayon, ang totoong damdamin ay tila kahinaan. Ang pagmamahal na hindi praktikal ay tinatawag na kahibangan. Ngunit sa totoo lang, sila ang tunay na buhay.

Sila ang mga kaluluwang nag-aalab pa rin sa gitna ng lamig ng teknolohiya. Sila ang nagpapaalala na hindi lahat ng mahalaga ay kayang ipost o ipagmalaki. May mga bagay pa rin sa mundo na dapat ipinaglalaban—kahit walang gantimpala.

At habang tinatawanan sila ng marami, habang tinatawag silang musmos o baliw, sila ang tunay na nagpapatuloy sa pagiging tao.

Nasaan na ang Alab?

Ngayon, higit kailanman, kailangang muling magtanong: Paano muling mararamdaman ang tunay na alab ng buhay? Hindi ba't tama lang na umasa, na maghintay, kahit sa hinaharap na hindi tiyak?

Ang mga bituin na matagal nang iniwasan ay nag-aanyaya. Ang buwan, kahit natatabunan ng neon, ay nananatiling tanaw. Hindi kailangang baguhin ang buong mundo. Magsisimula ito sa sarili. Sa pagsalo sa maliliit na sandali ng pagmamahal, pag-asa, at pangarap.Mahalaga pa ba ang pera, likes, at views kung wala na ang tunay na pakiramdam?

Kailangan bumalik sa puso. Magtanim ng bagong pangarap. Hayaan muling sumiklab ang apoy ng tunay na pagmamahal. Ngayon na ang panahon para muling mag-alab. Huwag magpatalo sa mundong puno ng kaplastikan at makina. Ang tunay na buhay ay nagsisimula sa loob—at ang tunay na pagmamahal ay buhay na hindi kailanman matitinag.

Magsimula muli para sa totoong buhay. Buhayin muli ang namatay na alab sa puso.

Sa Dulo ng Pila, May Simula

Ni ***Florsorriso***


Sa dilim ng madaling-araw, doon nagkikita,
Mga mukhang antok, pero may alab ang mata.
Sa mahaba at maagang pila, doon nagtatagpo,
Ang pangarap at pasensya, sa iisang yugto.

May ilan pang nakaidlip, sa semento nakasandal,
Ang iba'y nagbibilang ng oras, nagbabantay sa pag-usad.
May mga kamay na nangangawit sa bigat ng papel,
Mga paa'y napapagod, pero hindi bumibigay sa laban.

Sa bawat hakbang ay kaba, sa bawat sulyap ay tanong:
Makakapasok ba ako? Kakayanin ba ng baon?
Ang pila'y hindi lang pagsubok ng sipag at tiyaga,
Kundi pati ng tiwala—sa sarili, sa sistema, sa tadhana.

Sa unahan, may ilang matagal nang naghintay,
Sa likuran, may bagong dating, nangangarap ding sumabay.
Ngunit sa loob ng bawat isa, iisa lang ang sigaw:
"Makapasok lang ako, hindi ko sasayangin ito!"

At sa dulo ng linya, naroon ang sagot—
Isang papel na may tatak, isang pangakong inabot.
Ngunit hindi dito nagtatapos ang tunay na laban,
Dahil ang pumila sa pangarap, dapat kayang ipaglaban.



Art by ***Nezhin Francois Audenus A. Apostol***

Ang Walang Hanggang Pagtatanong, Ang Walang Hanggang Pagkatuto

Ni ***Florsorriso***

Sa unang silid-aralan, sa musmos na isipan,
Nag-umpisa ang lahat sa isang simpleng katanungan.
"Bakit bilog ang mundo? Bakit may araw at ulan?"
At mula noon, ang diwa'y hindi na mapakali kailanman.

Sa bawat patlang ng papel na kailangang sulatan,
May tanong na sumusulpot, naghahanap ng kasagutan.
Sa bawat leksyon na tila isang palaisipan,
Ang tanong ay sandata upang ito'y mahawan.

Sa bawat pahina ng aklat na binubuklat,
May mga lihim at sagot na nais mahagilap.
Sa bawat sulat sa pisara na kanilang nakikita,
May tanong sa isipang nais nilang makita.


Hindi dahil gusto lang nilang sumubok o mag-abala,
Hindi dahil nais lang nilang magpasikat sa iba.
Kundi dahil ang tanong ay daan patungo sa pag-unawa,
At ang pag-unawa'y susi sa tagumpay at biyaya.

"Bakit kailangang mag-aral kung mahirap intindihin?"
"Bakit may sagot sa libro, pero di laging tama sa akin?"
"Bakit ang oras sa klase, ang bagal lumipas?"
"Pero pag recitation na, parang ang bilis ng oras?"

Dahil sa tanong, may natutuklasang bago,
Dahil sa tanong, may mundong lumalawak nang husto.
Dahil sa tanong, hindi natitinag ang isipan,
At patuloy na lumalago ang bawat kaalaman.

Ang bawat estudyante'y tila isang manlalakbay,
Sa landas ng dunong, may gusto laging alamin at subaybay.
Di lang sagot ang hanap kundi paliwanag,
Di lang kaalaman kundi karunungang tapat.

Kaya hayaan mong magtanong ang isang mag-aaral,
Hayaan mong maghanap ng sagot, kahit paulit-ulit at paulit-ulit pa.
Sapagkat ang taong hindi na nagtatanong kailanman,
Ay taong tumigil ng matuto at umunlad.



Art by ***Quinn Aubrey S. Ricafort***

Numbers on a Page

Ni ***Florsorriso***

They hand me a paper, a single red mark,
A number so small, yet it tears me apart.
A 95—almost perfect, but not quite there,
An 89—a whisper of failure, heavy with despair.

I stare at the digits, the ink sinking deep,
Like a wound reopened, like a promise I couldn't keep.
I should be proud, I should feel light,
But why does my heart say I lost this fight?

I see them glance, their eyes full of weight,
Comparing, measuring—who holds more fate?
As if a grade is a crown, a throne to claim,
As if worth is found in an academic game.

But they never saw the nights I cried,
The books, the notes, the sleep denied.
They never felt my silent screams,
The pressure that haunts even in dreams.

They never heard my mother say,
"Anak, magpahinga ka naman kahit isang araw lang, okay?"
And I nodded, smiled, lied through my teeth,
Because success, they say, is built on grief.

But is it? Is it?


Will a number on a page define who I am?
Will it hold my laughter, my kindness, my plans?
Will it tell of the battles I fought on my own,
Or the nights I whispered, *You are not alone*?

I am tired of chasing, of proving my worth,
As if I must run just to claim my earth.
As if I must break before I can shine,
As if my value is a grade—not a soul, not a mind.

So I step back. Breathe.
Let the numbers fall like autumn leaves.
For I am more than digits, more than a race,
I am the dreams I build, the love I embrace.

Not a percentage.
Not a rank.
Not a fraction of success or lack.

I am whole. I am here.
And I am enough.



Art by ***Kyrene Alshley O. Bolla***

Sa Gitna ng Unos: Sa Halim ng Bubong, Hindi Lahat ay Nakasilong

Ni ***Florsorriso***

Sa tuwing may anunsyo ng suspensyon ng klase o trabaho, tila may dalang saya para sa karamihan—isang pagkakataon upang magpahinga, manatili sa loob ng tahanan, at sandaling kalimutan ang mga alalahanin ng pang-araw-araw na buhay. Ngunit sa likod ng balitang ito, may mga pamilyang hindi nakakaranas ng ginhawa, sapagkat wala silang tahanang masisilungan mula sa bagsik ng bagyo. Sa kanila, ang suspensyon ay hindi isang pahinga, kundi isa pang araw ng pakikipagbuno sa kalamidad.

Sa mga pamilyang nakatira sa mga barong-barong, ang bawat patak ng ulan ay banta ng pagkawasak ng kanilang mga tahanan. Ang malakas na hangin ay tila galit ng kalikasan na unti-unting binubura ang kanilang kinabukasan. Habang ang tubig ay patuloy na tumataas, pilit nilang inaalis ang ilang gamit na kayang iligtas—mga piraso ng alaala na maaaring hindi na mabuo muli. Sa mga evacuation center, siksikan at kapos sa tulong, naghihintay sila ng araw na titila ang ulan, ngunit walang kasiguraduhan kung may tahanan pa silang babalikan.

Habang ang iba ay kampante at nag-aabang ng muling pagbabalik sa eskwela o opisina, sila'y nakatuon sa mas mahahalagang bagay—kung paano mabubuhay kinabukasan. Sa kanilang mga mata, ang bawat bagyo ay isang paalala ng kanilang kahinaan at kawalan ng katiyakan. Ngunit sa kabila ng hirap, nananatili silang matatag, hindi nagpapatinag sa hamon ng buhay. Ang kanilang lakas ay hindi nasusukat sa kanilang ari-arian, kung hindi sa kanilang kakayahang bumangon mula sa anumang pagsubok.

Ang mga bagyong dumaan ay nagpapaalala na hindi lahat ay may pribilehiyo na makapag pahinga sa gitna ng kalamidad. Sa gitna ng unos, may mga pamilyang patuloy na lumalaban, hindi dahil nais nila, kundi dahil kailangan nilang harapin ang mga alon ng pagsubok upang manatiling buhay at buo.

Dibuho ni ***John Charles P. Bartolome***

"Forgot you were there!" The Oh So Inclusive Architecture of Bulacan State University

Ni **Nony**

You were not born the same as the billions of people on earth. They walk on two feet, you walk on none, so, you had to use a wheelchair for all of your life. College comes by, you enter your college university - huge letters plastered across the walls

"INCLUSIVE EDUCATION FOR ALL."

You navigate through highly-inclusive Bulacan State University, the Lover's Lane was no sweat. It is fairly easy to go through as it was relatively flat, except for an elevation near Alvarado hall. It was too steep for you to go through but a kind stranger offered to push you up.



Dibuho ni ***Shanlei Mae J. Libres***

Highly-inclusive Bulacan State University seems to prioritize movement with wheels more than movement with feet. It's fine as you move with two wheels! It would've been even better if only those who moved with four wheels stopped honking at you four times even if you've already imprinted on the edges of the pavement trying to give way. Moreover, way better if highly-inclusive Bulacan State University curated a walkway for human beings so that you would not play a game of hopscotch with incoming traffic.

Your first subject lecture hall is at Federizo Hall. You arrive there stumped. The two short steps of stairs seemed to smirk at you while the long flight of stairs leading to your lecture hall was holding its laughter. "Highly-inclusive Bulacan State University must have forgotten to build ramps", you thought. You would've made a miracle for yourself and carried your wheelchair up if it wasn't for two nice maintenance workers who offered to carry you and your accessibility tool up the stairs.

First class was done and you decided to grab something to eat with your new college friends, however, you remembered that highly-inclusive Bulacan State University forgot that people like you may need free tertiary education so they missed building you an accessible way to go up and down buildings without accidentally dying. If it wasn't for your kind friends, you would've just created an imaginary ramp beside the building and went on it at a speed of 9.8 meters per second.

Upon descending the stairs, you had to calculate your next moves. You looked around, people with working two legs can eat whatever, wherever they want, and the only places you can eat are where your wheels can take you. You decided to go to the College of Social Sciences and Philosophy canteen. Going there was a piece of cake, but, your schedule says your next class was inside the CSSP building. You looked behind, highly-inclusive Bulacan State University must have overlooked that one of the fundamental teachings of social science is equity and inclusivity, yet no ramp was seen.

Out of spite, you rolled your wheelchair as far as the anger in your arms could take you, in search of ramps or any bits and pieces of PWD-friendly architecture. Everything was built for those with complete sets of chromosomes and normal genes, how about you who was not blessed with those? There would be ramps, but they were too steep. The roads to canteens and buildings where your classes are located are bumpy, you wonder how your arms could handle such. Luckily, buildings like Valencia Hall, Pimentel Hall, College of Law, and the Activity Center had ramps to enter them, but none to actually utilize the building.

You decided to take a rest, it had been a long day for you and your tired wheels. You decided to go on one of the disability token ramps of highly-inclusive Bulacan State University to use the comfort room. To your disappointment but not to your surprise, the cubicles were made for people who could stand up on their own without gathering the powers of physics to hold onto the incredibly flat walls of the cubicle that you aren't even sure are clean. You just decided to hold it in.

"Hold it in..." you thought. There are thousands of people like you all over the country, people like and share pictures of people in wheelchairs who display inhuman capacities of resilience, and yet, there seems to be no sign of recognition for these representations. A SONA, a poster, and a promise would all remain shallow mental considerations for those who require access to basic needs. Highly-inclusive Bulacan State University would remain a theory until they actually create a space intended for those with physical impairments. They would create new rooms, brag about how it's a state of the art project, and look at you with a shocked face and say, "Oh, we forgot you were here!"

You wonder how many people with disabilities like you had to hold it in, just because it was harder for you to use the toilet.



Baon Kong Pangarap

Ni **Kasandra**



Art by **Quinn Aubrey S. Ricafort**

Ginising ako ni mama ng madaling araw,
Pinaligo, pinagbihis, pinagayak.
Baka sa pagpasok ay mahuli na raw
Sa byaheng halos dalawang oras.

Bitbit sa bag ang mabigat na pangarap,
Nakasuksok sa bulsa ang determinasyon.
Nakaipit sa kwaderno ang 'di pagsuko,
Pag-asa'y mahigpit na nakabigkis sa puso.

Kumakalansing ang mga baryang dala-dala
Kasabay ng mga tanong na bakit nga ba?
Para saan ba ang lahat ng ito?
Hanggang saan ang kakayanin ko?

Ngunit sa aki'y may pabaong pangarap,
Na patuloy kong pagkukuhanan ng lakas.
At sa dulo't pagtatapos ng lahat ng ito,
Alam kong magiging maayos ang lahat.


The Official Student Publication of the **College of Science**

Volume 02 Issue 01 **AUGUST** 2024 TO **MAY** 2025

literary 65

00:00

Ni ***Florsorriso***



Art by ***Shanel L. Chan***

The room was silent, save for the rhythmic ticking of the clock on the wall. Dozens of students sat hunched over their desks, pens gliding over paper, some with desperate urgency, others with hesitant strokes. The air was thick with exhaustion, anxiety, and the unspoken understanding that this test—this single sheet of paper could make or break everything.

Lena sat among them, her fingers clutching her pen so tightly that her knuckles turned white. She could feel her heart pounding against her ribs, her pulse echoing in her ears like a war drum. Zero-based grading. The system that left no room for past victories, no space for mistakes. Every exam was a fresh start, but not the kind that brought relief. It was a reset, a ruthless one, where even a perfect score from before meant nothing.

She had spent nights drowning in notes and textbooks, her desk littered with coffee-stained pages, her eyes burning from hours of memorization. She whispered theories under her breath as she walked, recited formulas in the shower, tested herself in the dark when sleep refused to come. She had prepared. At least, she thought she had.

But now, as she stared at the first question, her mind was blank.

Her breath hitched. The words on the page twisted into an indecipherable mess. She knew this topic. She had solved problems like this a hundred times before. So why now, when it mattered most, was her brain failing her?

Panic clawed at her throat. Around her, students were writing—some hesitantly, others with furious determination. Time was slipping away, and every second wasted was a step closer to failure. She gritted her teeth. No. She couldn't freeze. She couldn't afford to.

Lena forced herself to inhale, then exhale, grounding herself. Think. She read the question again, slower this time, breaking it down like she had practiced. A spark of recognition flickered. There. That's the key. Her pen met the paper, and she began to write.

Minutes passed, then an hour. The room remained heavy with stress, the sound of scribbling never ceasing. Some students stole anxious glances at the clock; others bit their lips, rewriting their answers in a desperate attempt to perfect them.

Lena didn't look up. She didn't dare. One mistake could cost her everything. She checked her answers, once, twice, a third time, her mind racing through every possibility, every alternative. What if she missed something? What if she misunderstood the question?

But time had no mercy.

"Time's up," the professor announced.

A collective exhale filled the room as students hesitated before setting their pens down. Papers were collected, and the weight of the test settled onto everyone's shoulders. There was no relief, only the uncertainty of what came next.

Lena leaned back in her chair, her hands numb. She had done everything she could. But in a system where yesterday's efforts meant nothing, where one wrong answer could drag her to the bottom, she couldn't shake the fear coiling in her chest.

Would she rise, or would she be pulled down to zero?

She wouldn't know. Not yet.

But she would never stop fighting.

Pahid Kontra Init? Ang Pag-angat ng Sunscreen Kaalinsabay ng Init ng Panahon

/ BRENT MARCO M. CAMUS

Photo from **Cleveland Clinic**

Sa tindi ng init, ano pa kaya ang magagawa "to beat the heat?"

Sa katirikan ng sikat ng araw, karamihan sa mga mag-aaral sa loob at labas ng pamantasan ay may kanya-kanyang paraan upang pigilan ang init ng panahon. Mayroong nagpapaypay, mayroong may mga maliliit at umuugong na electric fan, at mayroon namang tila mga solar panel, na "chill" pa rin kahit mainit na ang panahon.

Napapawi man natin ang init na ating nararamdaman, hindi naman natin gaanong napapansin ang pangmatagalang epekto ng nagngangalit na sikat ng araw at ang Ultraviolet o UV rays sa ating mga balat. Kung matagal na mababababad ang isang tao sa ilalim nito, maaari itong magdulot ng sunburn, dry skin, hyperpigmentation at maging skin cancer.

Sa dinami-rami ng nabanggit ng panganib ukol sa init ng araw, mayroon din namang pangontra, o pananggalang dito. Hindi ito payong o kaya kupya, kundi sunscreen, na siyang patok na patok ngayon sa mga social media websites. Ang sunscreen na dating tinitingnan na para sa mga kababaihan lamang ay ginagamit na ngayon maging ng mga kalalakihan upang mapangalagaan ang balat sa mga bahagi ng katawang madalas na nabibilad sa araw, gaya ng braso, batok, mukha, at maging mga binti. Nakasama na ito sa skincare routine ng karamihan, dahil na rin sa dami ng benepisyo nito sa ating mga balat

Napupuno ang merkado lalo na ang ilang mga botika ng iba't-ibang mga tatak at uri ng *sunscreen,* pero may ilang mga bagay na dapat tandaan ang bawat isa sa paggamit nito. Una na riyan ay kung ang *sunscreen* ba ay mayroong proteksyon sa *ultraviolet A* at *B o UVA* at *UVB rays*. Ang mga ito ay ang dalawang uri ng ultraviolet rays mula sa araw na mayroong magkaibang epekto sa ating mga balat. Ang *ultraviolet A* o *UVA* ay ang sinag na mas tumatagos nang mas malalim sa ating balat, na maaaring umabot sa ating *dermis*. Ito rin ay kadalasang naiuugnay sa pagkakaroon ng wrinkles, sunspots, at premature aging ng ating mga balat. Ang *ultraviolet B* o *UVB* ay ang ikalawang uri ng UV ray na nakaaapekto sa *epidermis* o sa panlabas na *layer* ng ating balat, at ito ay kadalasang naiuugnay sa pagkakaroon ng *sunburns*. Bilang mga mapagmatyag at mapanuring konsyumer, ang pinaka-unang hinahanap sa mga sunscreen ay kung sila ba ay mayroong ibinibigay na proteksyon sa dalawang uri ng *UV rays* na ito, gaya ng mga sunscreen na mayroong *Broad-Spectrum Protection* at may mataas na *Sun Protection Factor o SPF*. Iminumungkahi sa mga baguhan at pati na rin sa mga dati nang gumagamit ng nasabing produkto na tingnan at suriin kung ito ba ay mayroong SPF 30 o higit pa, para sa mas mataas na proteksyon para sa ating mga pinaka-iniingatang balat.

Ikalawa, mas mainam kung ang mabibiling sunscreen ay water-resistant, upang hindi ito madaling humulas kung ikaw ay lalahok sa ilang mga pisikal na aktibidad, gaya ng pageehersisyo at paglangoy. Hindi magiging sulit ang nasabing produkto kung ito ay malulusaw kaagad, kaya naman iminumungkahi ang paghahanap sa mga water-resistant sunscreen, na kung maaari ay tatagal ng 40-60 minuto.

Ikatlo, dapat siyasatin natin ang nilalaman ng mga produktong ito, at iminumungkahing mas tangkilikin ang mga may kakaunting artipisyal na kemikal sa mga ito. Dahil tayong lahat ay may iba-ibang uri ng balat, maaaring maging iba rin ang maging reaksyon ng ating katawan kumpara sa iba, at ang magiging benepisyo sana ay baka mauwi pa sa perwisyo. Mas mainam kung tayo ay titingin sa mga mineral-based sunscreens, gaya ng zinc oxide and titanium dioxide.

Ang paggamit ng sunscreen ay hindi naman itinuturing na "need" para sa lahat, lalo na dahil ang karamihan sa mga ito ay medyo kamahalan at maaaring hindi kayang bilhin ng lahat. Hindi rin ito dapat gamitin dahil lamang sa ito ay nauuso o ginagamit ng karamihan. Ito ay rekomendasyon lamang upang mapangalagaan ang ating mga katawan, lalo na ang ating mga balat na siyang pinaka-unang mapapansin sa atin sa unang tingin. Mas mainam kung tayo mismo ay maagang magsisimulang ingatan at pangalagaan ang ating katawan mula sa init ng araw, dahil patuloy pa rin ang pag-init ng temperatura. Pamahid man yan o hindi, dapat tayo ay mayroong ginagawa to beat the heat.



Photo from **Jovie Urgent Care**

Sleep for Keeps: The Significance of Sleep on Students

/ BRENT MARCO M. CAMUS

A good night starts the day right.

Students give importance to their exams, activities, projects, and other academic-related tasks, especially during these times when the "zero-based" grading system is implemented across the whole university. The majority of the students do not even have enough time for a bit of slack just to accomplish their respective assignments or to study a hefty chunk of modules and learning materials. Even so, while there is no room for taking things the easy way, the room for getting a good night's sleep must be present.

Sleep may be a basic human need, but it is one of the necessities that we always sacrifice to accomplish something, not only by students in the academe but also by professionals in the industry. We all can afford to show up with puffy and panda eyes rather than miss out on an important, life-defining due date. But are puffy and panda eyes the only drawbacks of neglecting an adequate amount of sleep?

We may consider sleeping as our natural recharge time, the one thing that we all instinctively do when we feel that we are out of battery. To put it in simple terms, yawning is like the warning sign on our phone when it is running out of charge, and the charging phase itself would be the sleep on our part. Sleeping is our innate shutdown system, which boots us up for a fresh start the next morning. It also allows our body to naturally repair cells while releasing more hormones and proteins.

By taking a rest, we also become stronger, as the body strengthens our internal military, or the immune system, during sleep time to fight infections and prepare our body for future diseases. Getting an optimal seven to nine hours of sleep each and every night will give you a healthy heart while reducing the risk of getting diabetes and hypertension.

